

# PAGSISIYASAT NG BIBLIA UNANG AKLAT LUMANG TIPAN

## HARVESTIME INTERNATIONAL INSTITUTE

Ang kursong ito ay bahagi ng **Harvestime International Institute**, isang programang inihanda upang mabigyang kakayahan ang mga mananampalataya tungo sa mabisang pagaaning espirituwal.

Ang batayang paksa ng pagsasanay na ito ay ituro ang mga itinuro ni Jesus, kung paanong ang mga mangingisda, kolektor ng buwis at iba pa, ay binago Niya at naging mga mabubungang Cristiano at ang mga ito ay naghatid ng ebanghelyo sa kanilang daigdig na may kapahayagan ng kapangyarihan.

Ang manwal na ito ay isang kurso na kabilang sa ilang mga *modules* ng kurikulum na gumagabay sa mga mananampalataya mula sa pagmamasid, tungo sa pagsasagawa, pagpaparami, at pagsasangkot upang maabot ang ebanghelisasyon.

Para sa dagdag na impormasyon tungkol sa mga dagdag ng mga kurso, sumulat sa:

© Harvestime International Institute

# NILALAMAN

Paano Gamitin Ang Manwal Na Ito . . . . .	.I
Mga Mungkahi Para sa Samasamang Pagaaral . . . . .	.II
Pambungad Ng Kurso . . . . .	. 1
Mga Layunin ng Kurso . . . . .	. 2

## **PAMBUNGAD PARA SA BIBLIA**

1. Pagpapakilala Sa Biblia . . . . .	. 3
2. Ang Mga Aklat Ng Biblia . . . . .	. 14
3. Mga Salin Ng Biblia . . . . .	. 35
4. Ang Pambungad Sa Pagbalangkas . . . . .	. 40

## **ANG LUMANG TIPAN**

<u>Pambungad Sa Mga Aklat Ng Batas</u> . . . . .	. 45
--	------

5. Genesis . . . . .	. 46
6. Exodo . . . . .	. 51
7. Levitico . . . . .	. 57
8. Mga Bilang . . . . .	. 61
9. Deuteronomio . . . . .	. 66

<u>Pambungad Sa Mga Aklat Ng Kasaysayan</u> . . . . .	. 70
---	------

10. Josue . . . . .	. 71
11. Mga Hukom . . . . .	. 75
12. Ruth . . . . .	. 81
13. I at II Samuel . . . . .	. 85
14. I at II Mga Hari . . . . .	. 90
15. I at II Cronica . . . . .	. 96
16. Ezra . . . . .	. 100
17. Nehemias . . . . .	. 104
18. Esther . . . . .	. 109

<u>Pambungad Sa Aklat Ng Mga Tula</u> . . . . .	. 114
---	-------

19. Job . . . . .	. 115
20. Mga Awit . . . . .	. 120
21. Mga Kawikaan . . . . .	. 126

22. Ecclesiastes	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 130
23. Ang Awit ng mga Awit	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 134
<u>Pambungad Sa Mga Aklat Ng Propesiya/ Paghula</u>	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 138
24. Isaias	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 141
25. Jeremias	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 146
26. Mga Panaghoy	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 150
27. Ezekiel	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 154
28. Daniel	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 158
29. Oseas	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 164
30. Joel	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 168
31. Amos	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 172
32. Obadias	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 176
33. Jonas	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 180
34. Mikas	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 184
35. Nahum	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 188
36. Habakkuk	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 192
37. Zefanias	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 196
38. Hagai	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 200
39. Zakarias	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 203
40. Malakias	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 208
Mga Sagot Sa Pansariling Pagsusulit	.	.	.	.	.	.	.	.	.	. 212

# PAANO GAMITIN ANG MANWAL NA ITO

## PORMAT NG MANWAL

**Mga Layunin:** Ito ang mga layuning na dapat maabot sa pagaaral ng kabanata. Basahin muna ang mga ito bago simulan ang aralin.

**Susing Talata:** Ang talatang ito ang nagbibigay diin sa kaisipan ng kabanata. Isaulo ito.

**Nilalaman ng Kabanata:** Pagaralan ang bawat seksyon. Gamitin ang iyong Biblia sa pagtingin sa mga reperensya na hindi nalimbag sa manwal.

**Pangsariling-Pagsusulit:** Isagawa ang pagsusulit na ito pagkatapos pagaral ang kabanata. Sikaping sagutin ang mga tanong na hindi ginagamit ang Biblia o ang manwal na ito. Pag natapos na ang Pangsariling-Pagsusulit, Ihambing ang inyong mga sagot sa Seksyon ng mga Sagot sa dulo ng aklat.

**Para sa Dagdag na Pagaaral:** Ang seksyon na ito ay tutulong sa iyo na ituloy ang iyong pagaaral ng Salita ng Diyos, palaguin ang inyong kakayahang magaral, at iangkop ang iyong natutuhan sa buhay at ministeryo.

**Pangwakas ng Pagsusulit:** Kung ang pag-enrol mo sa kursong ito ay upang makaipon ng credits, kailangang kumuha ka ng Pangwakas na Pagsusulit para sa kursong ito. Sa pagtatapos ng kursong ito, kumpletihin ang pagsusulit at ibalik ito ayon sa tagubilin upang mabigyan ng grado

## DAGDAG NA KAILANGANG GAMIT

Kakailanganin mo ang salin sa Tagalog- Ang Biblia

# MGA MUNGKAHI PARA SA SAMA-SAMANG PAG-AARAL

## UNANG PAGTITIPON

**Pasimula:** Magsimula sa panalangin at pagpapakilala. Magkilanlan at ilita ang mga magaaral.

**Ilatag ang mga Pamararaan sa Grupo:** Tiyakin kung sino ang mangunguna sa mga pagtitipon, ang oras, ang lugar, at petsa para sa mga sesyon.

**Praise and Worship:** Anyayahan ang presensya ng Espiritu Santo sa inyong mga sesyon ng pagasasanay.

**Ipamahagi ang mga Manwal sa mga Magaaral:** Ipabatid ang paksa ng manwal, pormat, at mga layunin ng kurso na nakatala sa mga paunang pahina ng manwal na ito.

**Ibigay ang Unang Takdang-Aralin:** Babasahin ng mga magaaral ang mga itinakdang kabanata at gawin ang Pangsariling-Pagsusulit bago maganap ang unang pagtitipon. Ang bilang ng kabanata na masasakop kada pagtitipon ay naka depende sa haba, nilalaman ng mga kabanata at kakayahan ng grupo.

## PANGALAWA AT MGA SUMUSUNOD NA MGA PAGTITIPON

**Pasimula: Manalangin.** Tanggapin at irehistro ang sinumang bagong magaaral at bigyan sila ng manwal. Ilista ang mga present. Magdaos ng Praise and Worship.

**Pagbabalik-Aral:** Magbigay ng maikling kabuuan ng mga pinagralan sa nakaraang pagtitipon.

**Aralin:** Talakayin ang bawat seksyon ng kabanata na ginagamit ang mga **PAMAGAT NA NAKATITIK NG MALAKING MGA LETRA** bilang balangkas ng pagtuturo. Hayaang magtanong o mag-komentaryo ang mga magaaral sa kanilang mga napagaralan na. Iangkop ang mga aralin sa buhay at mga ministryo ng iyong mga magaaral.

**Pangsariling-Pagsusulit:** Balikan ang Pangsariling-Pagsusulit na natapos na ng mga magaaral. (Bigyang-pansin: Kung hindi mo nais na tingnan ng mga magaaral ang mga sagot sa Pangsariling-Pagsusulit, maaari mong alisin ang mga pahina ng mga sagot sa dulo ng manwal.

**Para sa Dagdag na Pagaaral:** Maaari mong gawin ng sama-sama o isahan ang mga proyekto .

**Pangwakas na Pagsusulit:** Kung ang iyong grupo ay nag-patala para magkaroon ng credit, kailangan ang Pangwakas na Pagsusulit. Magpa-kopya para sa bawat magaaral at pangasiwaan ng pagsusulit sa pagtatapos ng kurso.

**Module:** Paghihirang  
**Kurso:** Pagsisiyasat sa Biblia - Unang Aklat

## PAMBUNGAD NG CORSO

Sa maraming pagbanggit Ni Jesus sa Lumang Tipan habang Siya ay nagministeryo sa lupa, ito ay nagpapakita kung gaano kahalaga ang malaman ang nilalaman ng Biblia. Dahil binigyan diin Ni Jesus ang kahalagahan ng Salita Ng Dios sa mga tao Niyang naturuan, iniharap ng Harvestime International Institute ang “Pagsasaliksik Ng Biblia” bilang bahagi ng programa ng pagsasanay para maihanda ang mga lalaki at babae na maabot ang mga bansa ng mensahe Ng Dios.

Ipinakikilala at tinatalakay ng “Pagsasaliksik Ng Biblia” ang mga pagsasalin at iba’t ibang mga salin. Ipinakikita nito ang pangkabuuang salaysay Ng Biblia, heograpiya, at buhay sa panahon ng Biblia. Ang kurso ay nagbibigay ng balangkas ng bawat aklat sa Biblia at nagtuturo ng kakayahan ng paglikha ng balangkas para mapalawak ang mga pangunahing balangkas sa mas detalyadong pag-aaral ng Salita Ng Dios.

Kasama sa mga impormasyon na ipinakita sa bawat aklat ng Biblia ang may akda, kung para kanino isinulat ang aklat, ang layunin ng aklat, ang susing talata, at mga talaan ng mga pangunahing mga tauhan, at ang balangkas ng nilalaman. Ang buhay at prinsipyo sa ministeryo ay nabanggit din sa bawat aklat. Ang mga prinsipyong ito ay pangunahing katotohanan na mahalaga sa paglagong Kristiyano at ministeryo na dapat mong hanapin para mailapat sa iyong sariling buhay. Kasama rin sa kursong ito ang mga makatutulong na mga mapa, at talaan ng oras na nagbubuod ng mahalagang katotohanan sa pinaikling paraan.

Ang kurso ay hinati sa dalawang bahagi:

Unang Bahagi: Naglaan ng mga pambungad na gamit sa Biblia at balangkas para sa mga aklat ng Lumang Tipan.

Ikalawang Bahagi: Nagbigay ng mga balangkas para sa mga aklat ng Bagong Tipan.

Ang “Pagsisiyasat sa Biblia” ay kasamang kurso ng “Mga Mabibisang Paraan ng Pag-aaral ng Biblia” na nagtuturo ng iba’t ibang paraan ng pag-aaral ng Biblia. Ang dalawang kursong ito ay disenyo para mapalago ang iyong personal na pag-aaral ng Salita Ng Dios.\*

---

\* Dahil ang bawat Harvestime International Institute na kurso ay disenyo na buo, kinakailangan na ulitin ang ilang mga pambungad na gamit mula sa “Mga Mabibisang Paraan ng Pag-aaral ng Biblia.” Tatlo sa mga pambungad na mga kabanata ay magkatulad sa parehong mga kurso.

# **MGA LAYUNIN NG CORSO**

Pagkatapos pag-aralan ang kursong ito ikaw ay may kakayahang:

- Kilalanin ang pangunahing paghahati ng Biblia.
- Ipaliwanag ang pagkakaiba ng salin, pagsasalin, at “paraphrased” edisyon ng Biblia.
- Ilarawan ang pang-araw-araw na pamumuhay sa panahon ng Biblia.
- Magbuod ng pagkakasunud-sunod ng Biblia.
- Gumawa at magpalawig ng mga balangkas.
- Para sa bawa’t isang aklat ng Biblia sabihin ang mga sumusunod:
  - May-akda
  - Para kanino naisulat ang aklat
  - Kailan ito naisulat
  - Layunin ng aklat
  - Susing Talata
  - Buhay at Prinsipyo sa Ministeryo
- Magpatuloy sa madetalyeng pag-aaral ng Salita Ng Dios pagkatapos ng kursong ito.

**UNANG BAHAGI: ANG PAKSA NG PAG-AARAL**

# UNANG KABANATA

## PAGPAPAKILALA SA BIBLIA

### MGA LAYUNIN:

Pagkatapos na pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “Biblia.”
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “Kasulatan.”
- Ipaliwanag ang pinagmulan ng Biblia.
- Tukuyin ang pangunahing mga hangad ng Biblia.
- Tukuyin ang Luma at Bagong Tipan bilang mga pangunahing mga dibisyon ng Biblia.
- Panganlan ang apat na dibisyon ng mga aklat ng Lumang Tipan.
- Panganlan ang apat na dibisyon ng mga aklat ng Bagong Tipan.
- Ipaliwanag ang ibig sabihin ng “pagkakaisa at pagkakaiba-iba” sa Biblia.
- Tukuyin kung sino ang sentro ng kapahayagan ng dalawang mga tipan.

### SUSING MGA TALATA:

**Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Diyos ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:**

**Upang ang tao ng Diyos ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. (II Timoteo 3:16-17)**

### PAMBUNGAD

Ipinakikilala sa kabanatang ito ang Biblia na siyang nasulat na Salita ng isang tunay na Diyos. Ang ibig sabihin ng salitang “biblia” ay “mga aklat.” Ang Biblia ay isang bolyum na binubuo ng 66 na mga ibat-ibang mga aklat.

Ang salitang “Kasulatan” ay ginamit din sa pagtukoy sa Salita ng Diyos. Ang salitang ito ay galing sa isang salitang Latin na ang ibig sabihin ay “nasulat.” Kung ang salitang “Kasulatan” ay ginamit na may malaking “K” ang ibig sabihin nito ay banal o sagradong mga isinulat ng isang tunay na Diyos. Ang salitang “Biblia” ay hindi ginamit sa Biblia. Ito ay isang salitang ginamit ng mga tao bilang isang pamagat para sa lahat ng mga Salita ng Diyos.



## **PINAGMULAN NG BIBLIA**

Ang Biblia ang nasulat na Salita ng Diyos. Kaniyang kinasihan ang mga salita ng Biblia at ginamit ang 40 ibat-ibang mga tao upang isulat ang Kaniyang mga Salita. Sumulat ang mga taong ito nang may kabuuang 1500 mga taon. Ang sakdal na pagkakaisa ng mga sumulat na ito ay isang patunay na silang lahat ay ginabayan ng isang may akda. Ang may akdang yaon ay ang Diyos.

Ilan sa mga manunulat ay isinulat ang eksaktong mga sinabi ng Diyos:

**Kumuha ka ng isang balumbon, at iyong isulat doon ang lahat na salita na Aking sinalita sa iyo laban sa Israel... (Jeremias 36:2)**

Ang ibang mga manunulat ay isinulat ang kanilang mga naranasan o ang mga inihayag ng Diyos sa kanila tungkol sa hinaharap:

**Isulat mo nga ang mga bagay na nakita mo, at ang mga bagay ngayon, at ang mga bagay na mangyayari sa darating. (Apocalipsis 1:19)**

Lahat ng mga manunulat ay sumulat sa ilalim ng pagkasi ng Diyos ng mga salita ng Kaniyang mensahe para sa atin.

## **ANG PAKAY NG BIBLIA**

Itinala mismo ng Biblia ang pakay nito:

**Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Diyos ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:**

**Upang ang tao ng Diyos ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. (II Timoteo 3:16-17)**

Ang mga Kasulatan ay dapat gamitin para sa pagtuturo ng doktrina, para sa pagsaway at pagtutuwid ng masama, at pagtuturo ng katuwiran.

## **MGA PANGUNAHING DIBISYON**

Ang Biblia ay nahahati sa dalawang pangunahing dibisyon na tinawag na Lumang Tipan at Bagong Tipan. Ang ibig sabihin ng salitang “tipan” ay “kasunduan.” Ang tipan ay isang pinagkasunduan. Ang Lumang Tipan ay nagtala ng orihinal na tipan o kasunduan ng Diyos sa tao. Ang itinala naman ng Bagong Tipan ay ang kasunduang ginawa ng Diyos sa pamamagitan ng Kaniyang Anak, si Jesu-Cristo.

Ano ang paksa ng dalawang kasunduan na ito? Ang dalawang kasunduang ito ay tungkol sa paano maibabalik ang tao sa wastong kaugnayan sa Diyos. Gumawa ang Diyos ng isang kautusan o batas na ang kasalanan ay maaari lamang mapatawad sa pamamagitan ng pagbububo ng dugo:

**...at maliban na sa pagkabuhos ng dugo ay walang kapatawaran. (Hebreo 9:22)**

Sa ilalim ng pakikipagkasundo ng Diyos sa Lumang Tipan, ang mga hain ng dugo ng mga hayop ay ginawa ng mga tao upang makamit ang kapatawaran para sa kasalanan. Ito ay sagisag o simbulo ng pagaalay ng dugo ni Jesu-Cristo na ipinagkaloob Niya sa ilalim ng bagong kasunduan sa Diyos. Sa pamamagitan ng pagsilang, buhay, kamatayan, at pagkabuhay na maguli ni Jesus, isang sakdal na hain para sa kasalanan ay ginawa:

**Ngunit pagdating ni Cristo na Dakilang Saserdote ng mabubuting bagay na darating, sa pamamagitan ng lalong malaki at lalong sakdal na tabernakulo, na hindi gawa ng mga kamay, samakatuwid baga'y hindi sa paglalang na ito.**

**At hindi rin naman sa pamamagitan ng dugo ng mga kambing at ng mga bulong baka, kundi sa pamamagitan ng Kaniyang sariling dugo, ay pumasok na minsan magpakailan man sa dakong banal, na kinamtan ang walang hanggang katubusan.**

**Sapagkat kung ang dugo ng mga kambing at ng mga baka, at ang abo ng dumalagang baka na ibinubudbod sa mga nadungisan, ay makapagiging banal sa ikalilinis ng laman:**

**Gaano pa kaya ang dugo ni Cristo, na sa pamamagitan ng Espiritu na walang hanggan, ay inihandog ang Kaniyang sarili na walang dungis sa Diyos, ay maglilinis ng inyong budhi sa mga gawang patay upang magsipaglingkod sa Diyos na buhay?**

**At dahil dito'y Siya ang tagapamagitan ng isang bagong tipan, upang sa pamamagitan ng isang kamatayan na ukol sa ikatutubos ng mga pagsalangsang na nasa ilalim ng unang tipan, ang mga tinawag ay magsitanggap ng pangako na manang walang hanggan. (Hebreo 9:11-15)**

Ang dalawang mga tipan ang mga Salita ng Diyos at dapat nating parehong pag-aralan upang maunawaan natin ang mensahe ng Diyos. Ang mga salitang “luma” at “bago” na mga tipan ay ginamit upang bigyan ng pagkakaiba ang pakikipagkasundo ng Diyos sa tao bago at pagkaraan ng kamatayan ni Jesu-Cristo. Hindi natin binabale wala ang Lumang Tipan dahil lamang sa ito ay “luma.”

### **MGA DAGDAG NA DIBISYON**

May dagdag na dibisyon ang Biblia at ito ay ang paghahati sa 66 na mga aklat. Ang Lumang Tipan ay may 39 na mga aklat. Ang Bagong Tipan ay may 27 na mga aklat. Ang bawat aklat ay nahahati sa mga kabanata at mga talata na nilikha ng tao upang maging madali ang paghanap sa mga tiyak na mga bahagi. Magiging napakahirap na hanapin ang isang bahagi kung ang mga aklat ay isang mahabang parapo.

Narito ang isang simpleng larawan na nagpapakita ng paunang mga dibisyon ng Biblia:

## ANG BIBLIA

|



|

|

Lumang Tipan  
(39 na mga aklat)

Bagong Tipan  
( 27 na mga aklat)

### **ANG PAGKAKAISA NG BIBLIA**

Kung ating banggitin ang pagkakaisa ng Biblia, dalawang bagay ang ibig nating sabihin:

#### **UNA: ANG PAGKAKAISA NG BIBLIA SA NILALAMAN:**

Bagamat ang Biblia ay naisulat ng maraming mga manunulat sa loob ng maraming mga taon, walang anomang pagsasalungatan. Hindi sinalungat ng isang may akda ang sinoman sa ibang mga may akda.

Kabilang sa Biblia ang pagtalakay sa daang-daang mga maaaring kontrobersyal na mga paksa. (Ang ibig sabihin ng kontrobersyal ay lilikha ng ibat-ibang mga panukala kung mabanggit). Gayon man ang mga manunulat ng Biblia ay nangusap tungkol sa mga paksang ito na may pagkakaisa mula sa unang aklat ng Genesis hanggang sa huling aklat ng Apocalipsis. Nangyari lamang ito sapagkat ang totoo ay iisa lamang ang may akda: Ang Diyos. Itinala lamang ng mga manunulat ang mensahe sa ilalim ng Kaniyang pangunguna at pagkasi. Dahil dito, ang nilalaman ng Biblia ay may pagkakaisa.

#### **PANGALAWA: ANG PAGKAKAISA NG BIBLIA SA PAKSA:**

Ang akala ng iba, ang Biblia ay 66 na mga magkakaibang mga aklat na may ibat-ibang paksa na pinagsama-sama. Hindi nila alam na ang Biblia ay pinagkaisa ng isang pangunahing paksa. Mula sa simula hanggang sa katapusan, inihayag ng Biblia ang tanging layunin o pakay ng Diyos na ang buod ay ibinigay sa aklat ng Efeso:

**Na ipinakikilala Niya sa atin ang hiwaga ng Kaniyang kalooban, ayon sa Kaniyang minagaling na ipinasya Niya sa Kaniya rin.**

**Sa pagiging katiwala sa kaganapan ng mga panahon, upang tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nangasa ibabaw ng lupa; sa Kaniya, sinasabi Ko.**

**Tayo rin naman sa Kaniya ay ginawang mana, na itinalaga na Niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng Kaniyang kalooban. (Efeso 1:9-11)**

Inihayag ng Biblia ang hiwaga ng plano ng Diyos na siyang paksa na nagdudulot ng pagkakaisa sa Biblia. Ito ang kapahayagan na si Jesu-Cristo ang Tagapagligtas ng makasalanang sangkatauhan. Ipinaliwanag ni Jesus kung paanong ang Lumang Tipan ay naka-sentro sa Kaniya.

**At sinabi Niya sa kanila, Ito ang Aking mga salitang sinabi Ko sa inyo, nang Ako'y sumasa inyo pa, na kinakailangang matupad ang lahat ng mga bagay na nangasusulat tungkol sa Akin sa kautusan ni Moises, at sa mga propeta, at sa mga awit. (Lucas 24: 44)**

Sa ganitong pagpapakilala, nagpatuloy si Jesus at ...

**...binuksan Niya ang kanilang mga pag-iisip, upang mapagunawa nila ang mga kasulatan. (Lucas 24:45)**

Ano ang susi na ibinigay ni Jesus upang maunawaan nila ang mga Kasulatan? Ang katotohanan na ang pangunahing paksa nito ay nakatuon sa Kaniya:

**...Ganyan ang pagkasulat, na kinakailangang maghirap ang Cristo, at magbangong muli sa mga patay sa ikatlong araw;**

**At ipangaral sa Kaniyang pangalan ang pagsisisi at pagpapatawad ng mga kasalanan sa lahat ng mga bansa, magbuhat sa Jerusalem. Kayo'y mga saksi ng mga bagay na ito. (Lucas 24:46-48)**

Ang isinaysay ng Luma at Bagong Tipan ay ang kasaysayan ni Jesus. Inihanda tayo ng Lumang Tipan para sa mga pangyayari at isinaysay naman ng Bagong Tipan kung paano ang mga ito ay nangyari. Ito ay tumatali sa Biblia sa ilalim ng iisang pangunahing paksa. Ang mga tao sa Lumang Tipan na nag-antabay sa pagdating ni Jesus ay mga naligtas sa kanilang mga kasalanan sa pamamagitan ng pananampalataya sa pangako ng Diyos. Ang sinomang lumingon sa katuparan nito kay Jesu-Cristo ay naligtas din sa gayong paraan: Sa pamamagitan ng pananampalataya sa nangyari tulad ng ipinangako ng Diyos.

### **PAGKAKAIBA-IBA SA BIBLIA**

Kung ating banggitin ang mga “pagkakaiba” ng Biblia, ang ibig sabihin natin na ang Biblia ay may ibat-ibang mga paraan ng pagpapakita ng pakikitungo ng Diyos sa mga tao at ang ibat-iba namang mga naging pagtugon ng mga tao sa Kaniya.

Isinulat ang Biblia na naghahayag ng ibat-ibang mga damdamin. May ilang bahagi na naghayag ng kagalakan samantalang ang iba naman ay kalungkutan. Kabilang sa Biblia ang ibat-ibang uri ng mga sulatin. Mayroon itong kasaysayan, tula, hula, mga sulat, pakikipagsapalaran, mga

talinhaga, mga himala, at mga kasaysayan ng pagibig. Dahil sa sari-saring mga sulating ito, ang Biblia ay hinati pa sa mga pangunahing grupo ng mga aklat.

### **MGA DIBISYON NG LUMANG TIPAN**

Ang mga aklat ng Lumang Tipan ay hinati sa apat na pangunahing mga dibisyon: Kautusan, kasaysayan, panulaan at hula.

#### **ANG MGA AKLAT NG KAUTUSAN:**

May limang mga aklat ng kautusan. Ang pangalan ng mga aklat na ito ay:

Genesis  
Exodo  
Levitico  
Mga Bilang  
Deuteronomio

Ang mga aklat na ito ay tala ng paglalang ng Diyos sa tao at sa daigdig at ang unang kasaysayan ng tao. Kanilang sinabi kung paanong itinindig ng Diyos ang bansang Israel bilang isang bayan na sa pamamagitan nito ay Kaniyang maihahayag ang Kaniyang sarili sa mga bansa ng sanglibutan.

Itinala ng mga aklat na ito ang mga kautusan o batas ng Diyos. Ang higit na kilalang bahagi ay ang Sampung Utos (Exodo 20:3-17), ang pinakadakila sa lahat ng mga utos (Deuteronomio 6:5), at ang ikalawang pinakadakilang utos (Levitico 19:18). Buksan mo ang iyong Biblia at hanapin mo ang mga aklat ng Kautusan sa Lumang Tipan. Hanapin mo ang tatlong mga talata na binanggit sa naunang parapo at basahin mo ang mga ito. Ito ang mga halimbawa ng mga kautusan ng Diyos na naitala sa mga aklat na ito.

#### **ANG MGA AKLAT NG KASAYSAYAN:**

May 12 mga aklat ng kasaysayan sa Lumang Tipan. Ang mga pangalan ng mga aklat ng kasaysayan ay:

Josue  
Mga Hukom  
Ruth  
I at II Samuel  
I at II Mga Hari  
I at II Mga Cronica  
Ezra  
Nehemias  
Esther

Hanapin mo ang mga aklat na ito sa iyong Biblia. Ang mga ito ay makikita pagkaraan ng mga aklat ng kautusan. Ang mga aklat ng kasaysayan ay sumasaklaw sa isang libong-taong kasaysayan

ng bayan ng Diyos, ang Israel. Hindi naman naitala ang bawat nangyari, kundi ang mga pangunahing mga pangyayari at ipinakita ang mga bunga ng pagsunod at pagwawalang bahala sa mga kautusan ng Diyos.

### **ANG MGA AKLAT NG PANULAAN:**

May limang mga aklat ng panulaan. Ang mga pangalan ng mga aklat ng panulaan ay:

Job  
Mga Awit  
Kawikaan  
Eclesiastes  
Ang Awit ng mga Awit

Ang mga aklat na ito ang naging aklat o inmeryo ng pagsamba ng bayan ng Diyos, ang Israel. Ginagamit pa rin ito ng mga mananampalataya ngayon sa pagsamba. Tingnan ang Awit 23 at basahin ito. Ito ay isang halimbawa ng magandang tula ng pagsamba na napapaloob sa mga aklat na ito.

### **ANG MGA AKLAT NG HULA:**

Ang mga aklat ng hula ng Lumang Tipan ay nahahati sa dalawang grupo na kung tawagin ay mga aklat na Mayorya at mga aklat na Minorya. Hindi ang ibig sabihin na ang mga aklat na Mayorya ay higit na mahalaga kaysa mga aklat na Minorya. Ginamit lamang ang mga pamagat na ito sapagkat higit na mahaba ang mga aklat ng Mayorya kaysa sa Minorya. May 17 mga aklat ng hula sa Lumang Tipan. Ang mga pangalan ng mga aklat ng hula ay:

#### **Mga Mayoryang Propeta:**

Isaias  
Jeremias  
Mga Panaghoy  
Ezekiel  
Daniel

#### **Mga Minoryang Propeta:**

Oseas	Nahum
Joel	Habacuc
Amos	Zefanias
Obadias	Hagai
Jonas	Zacarias
Mikas	Malakias

Ang mga aklat na ito ay mga mensahe ng hula mula sa Diyos para sa Kaniyang bayan tungkol sa mga pangyayari sa hinaharap. Marami sa mga hulang ito ay natupad na, subalit ang iba ay

matutupad pa lamang sa hinaharap. Hanapin ang mga aklat na ito sa iyong Biblia. Ito ang mga huling mga aklat sa Lumang Tipan.

### **ANG MGA DIBISYON NG BAGONG TIPAN**

Ang Bagong Tipan ay hinati rin sa apat na mga bahagi: Mga Ebanghelyo, Kasaysayan, Mga Sulat, at Hula.

#### **ANG MGA EBANGHELYO:**

May apat na mga aklat sa Ebanghelyo. Ang mga pangalan ng mga aklat na ito ay:

Mateo                  Marcos                  Lucas                  Juan

Isinaysay ng mga aklat na ito ang buhay, kamatayan, at pagkabuhay na maguli ni Jesus. Ang kanilang layunin ay akayin ka sa pagsampalataya na Siya ang Cristo, ang Anak ng Diyos. Hanapin ang Ebanghelyo sa iyong Biblia at basahin ang Juan 20: 31 na bumabanggit ng layunin.

#### **ANG AKLAT NG KASAYSAYAN:**

May isang aklat ng kasaysayan sa Bagong Tipan, ang aklat ng Mga Gawa. Sinasabi ng aklat na ito kung paano nagsimula ang iglesia at kung paano tinupad ang utos ni Cristo na palaganapin ang Ebanghelyo sa buong sanglibutan. Hanapin ang aklat na ito sa iyong Biblia.

#### **MGA SULAT:**

May 21 mga sulat sa Bagong Tipan. Ang mga pangalan ng mga aklat na ito ay:

Mga Taga Roma	Tito
I at II Corinto	Filemon
Galacia	Hebreo
Efeso	Santiago
Filipos	I at II Pedro
Colosas	I,II,at III Juan
I at II Tesalonica	Judas
I at II Timoteo	

Ang mga sulat ay para sa mga mananampalataya. Ang kanilang layunin ay gabayan sila sa kanilang pamumuhay at tulungan sila na magawa ang mga iniutos ni Jesus. Ang Roma 12 ay isang mabuting halimbawa ng kanilang mga katuruan. Hanapin ang kabanatang ito sa iyong Biblia at basahin ito.

## **HULA:**

Ang Apocalipsis ang nagiisang aklat ng hula sa Bagong Tipan. Ito ang nagsasaad ng huling tagumpay ni Jesus at ng Kaniyang bayan. Ang layunin nito ay palakasin ang iyong kalooban upang magpatuloy kang mamuhay bilang isang Cristiano hanggang sa wakas ng panahon. Ibinigay ang buod ng mensahe nito sa Apocalipsis 2:10.



## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing mga Talata na memoryado:

---

---

---

---

2. Ano ang ibig sabihin ng salitang “Biblia”? \_\_\_\_\_

3. Ano ang ibig sabihin ng salitang “Kasulatan”? \_\_\_\_\_

4. Ano ang dalawang pangunahing mga dibisyon ng Biblia?

---

5. Ilang lahat ang mga aklat ng Biblia? \_\_\_\_\_

6. Panganlan ang apat na pangunahing mga dibisyon ng mga aklat ng Lumang Tipan:

---

---

7. Panganlan ang apat na pangunahing mga dibisyon ng mga aklat ng Bagong Tipan:

---

---

8. Ano ang ibig sabihin ng salitang “tipan”?

---

---

9. Ano ang apat na pangunahing mga pakay ng Biblia? Magbigay ng reperensya sa Biblia upang patunayan ang iyong sagot.

---

---

---

---

10. Ano ang ibig sabihin ng “pagkakaisa ng Biblia”?

---

11. Ano ang ibig sabihin ng “pagkakaiba-iba ng Biblia”?

---

12. Basahin ang bawat pangungusap. Kung ang pangungusap ay TAMA ilagay ang letrang **T** sa puwang sa harapan nito. Kung ang pangungusap ay MALI ilagay ang letrang **M** sa puwang sa harapan nito.

a. \_\_\_\_\_ Ang Biblia ang nasulat na Salita ng Diyos.

b. \_\_\_\_\_ Bagamat ang Diyos ang may akda ng Biblia, ginamit Niya ang mga tao upang isulat ang Kaniyang mga salita.

c. \_\_\_\_\_ Sapagkat marami ang mga manunulat sa loob ng maraming mga taon, kaya napapaloob sa Biblia ang maraming mga salungatan.

d. \_\_\_\_\_ Walang nagiisang paksa ang Biblia. Pinagsama-sama lamang ang mga aklat na may ibat-ibang mga paksa.

e. \_\_\_\_\_ Ang mga Mayoryang Propeta ay higit na mahalaga kaysa mga Minoryang Propeta.

13. Sino ang sentro ng kapahayagan ng dalawang mga tipan? Magbigay ng reperensya sa Biblia upang patunayan ang iyong sagot. \_\_\_\_\_ Reperensya \_\_\_\_\_

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

Sanayin ang inyong sarili sa paghanap ng mga aklat ng Lumang Tipan at Bagong Tipan. May mga Bibliang Tagalog na may “thumb index” na ang ibig sabihin ay kahit nakasara ang Biblia maaari mong makita kung saan ang mga aklat na dapat mong buksan. May dagdag na halaga ang mga Bibliang Tagalog na may ganitong tulong. Kung wala kayong mabiling ganito, maaari kayong gumawa ng mga bookmarks na nagpapakita ng mga dibisyon ng Luma at Bagong Tipan.

# IKALAWANG KABANATA

## ANG MGA AKLAT NG BIBLIA

### MGA LAYUNIN:

Pagkatapos na pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- . Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- . Tukuyin ang bilang ng mga aklat sa Lumang Tipan.
- . Tukuyin ang bilang ng mga aklat sa Bagong Tipan.
- . Ipaliwanag kung bakit mahalaga na magkaroon ng maayos at nakahanay na plano ng pagbasa ng Biblia.
- . Maglista ng apat na mga mungkahi para sa matagumpay na pagbabasa ng Biblia.

### SUSING TALATA:

**Dumating nawa sa harap Mo ang aking daing, Oh Panginoon: Bigyan Mo ako ng unawa ayon sa Iyong salita. (Awit 119:169)**

### PAMBUNGAD

Sa nakaraang kabanata, natutuhan mo na ang Biblia ang nasulat na Salita ng Diyos. Natutuhan mo na ito ay nahahati sa dalawang pangunahing dibisyon na tinawag na Lumang Tipan at Bagong Tipan. Natutuhan mo ang apat na mga dibisyon ng mga aklat ng Lumang Tipan:

Kautusan  
Kasaysayan  
Panulaan  
Hula

Natutuhan mo rin ang apat na dibisyon ng mga aklat ng Bagong Tipan:

Mga Ebanghelyo  
Kasaysayan  
Mga Sulat  
Hula

Ang sumusunod na tsart ang nagbibigay buod sa mga natutuhan mo tungkol sa Biblia:

ANG BIBLIA  
|  
NASULAT NA SALITA NG DIYOS  
|  
66 NA MGA AKLAT  
|

---

**MGA DIBISYON NG LUMANG TIPAN**

Kautusan  
Kasaysayan  
Panulaan  
Hula

**MGA DIBISYON NG BAGONG TIPAN**

Mga Ebanghelyo  
Kasaysayan  
Mga Sulat  
Hula

Napapaloob sa kabanatang ito ang buod na bawat isa sa 66 na mga aklat ng Biblia na bumubuo ng pangunahing mga dibisyon ng Luma at Bagong mga Tipan. Nagbibigay ito ng pambungad sa mga nilalaman ng dalawang mga tipan. Apat na mga mungkahi para sa matagumpay na pagbabasa ng Biblia ang ibinigay at ikaw ang mamimili ng maayos na hanay at plano upang simulan ang pagbabasa ng Salita ng Diyos.

**MGA AKLAT NG LUMANG TIPAN**

(39 na mga Aklat)

**MGA AKLAT NG KAUTUSAN:**

Genesis: Itinala ang mga pasimula ng sangsinukob, tao, ng Sabbath, pagaasawa, kasalanan, paghahain, mga bansa, at pamahalaan at mga susing lalake ng Diyos tulad ni Abraham, Isaac, Jacob, at Jose.

Exodo: Idinitalye kung paano naging isang bansa ang Israel na ang tagapanguna ay si Moises. Napalaya sa pagka-alipin sa Egipto ang Israel at naglakbay tungong Bundok ng Sinai kung saan ang kautusan ng Diyos ay ipinagkaloob.

Levitico: Ang aklat na ito ay naging isang manwal ng pagsamba para sa Israel. Ito ay nagkaloob ng mga tagubilin sa mga pinuno ng relihiyon at nagpapaliwanag kung paanong ang isang makasalanang bayan ay maaaring lumapit sa isang matuwid na Diyos. Naugnay din ito sa pagparito ni Jesu-Cristo bilang Kordero ng Diyos na nagaalis ng kasalanan ng sanglibutan.

Bilang: Itinala ang paglalakbay ng Israel sa ilang sa loob ng 40 taon na naging bunga ng pagsuway sa Diyos. Ang pamagat ng aklat ay galing sa dalawang beses na paggawa ng censo o pagbibilang sa lahat ng mga tao sa mahabang paglalakbay.

Deuteronomio: Itinala ang mga huling araw ng buhay ni Moises at pinagbalikan ang mga kautusang ibinigay sa Exodo at Levitico.

## **MGA AKLAT NG KASAYSAYAN:**

Josue: Idinitalye kung paanong si Josue, ang humalili kay Moises, ay pinagunahan ang Israel na makapasok sa Lupang Pangako ng Canaan. Itinala nito ang mga pagsalakay militar at ang mga paghahati-hati ng lupain sa mga tao.

Mga Hukom: Tumalikod ang Israel sa Diyos pagkamatay ni Josue. Ang aklat na ito ang nagtala ng malungkot na kasaysayan ng kanilang paulit-ulit na mga kasalanan at ang mga hukom na itinindig ng Diyos upang iligtas sila mula sa kanilang mga kaaway.

Ruth: Ang kasaysayan ni Ruth, isang babae ng bansang Hentil ng Moab, na piniling maglingkod sa Diyos ng Israel. Isa siya sa naging kanunu-nunuan ni David.

I Samuel: Nakasentro ang aklat na ito sa tatlong tauhan: Si Samuel na naging huling hukom ng Israel; Saul, unang hari ng Israel; at si David na humalili kay Saul bilang hari.

II Samuel: Ang maluwalhating 40 taong paghahari ni David sa Israel.

I Mga Hari: Ang mga paksa ng aklat na ito ay ang paghahari ni Salomon at ang mga hari ng nahating kaharian hanggang sa paghahari ni Achab sa hilaga at ni Jehosaphat sa timog.

II Mga Hari: Ang pagbagsak ng Israel at Juda ay inalala sa aklat na ito. Ang bayan ng Diyos ay lalong nabaon sa kasalanan.

I Cronica: Ang paghahari ni David at ang paghahanda sa pagtatayo ng templo ay nakatala rito. Ang panahon sa aklat na ito ay tulad ng sa II Samuel.

II Cronica: Ipinagpatuloy ng aklat na ito ang kasaysayan ng Israel hanggang sa paghahari ni Salomon na nakatuon sa kaharian sa timog. Ito ay nagsara sa utos ni Ciro na pinayagang makabalik ang mga tao mula sa Babilonia tungo sa Jerusalem.

Ezra: Idinitalye ang pagbabalik ng mga Judio mula sa pagkabihag sa Babilonia.

Nehemias: Binalik-alaala ng aklat na ito ay muling pagtatayo ng mga pader ng Jerusalem sa ilalim ng pangunguna ni Nehemias. Ang proyekto ay sinimulan pagkaraan ng mga 14 na taon matapos makabalik ang mga tao sa pangunguna ni Ezra.

Esther: Ang paksa ng aklat na ito ay ang pagkaligtas ng mga Judio sa pamamagitan ni Esther at ni Mardocheo.

## **MGA AKLAT NG PANULAAN:**

Job: Ang aklat na ito ay kasaysayan ni Job, isang lalaking nabuhay sa panahon ni Abraham. Ang paksa ay tungkol sa tanong na bakit ang mga taong matuwid ay nagdurusa.

Mga Awit: Ang aklat ng panalangin at pagpupuri ng Biblia.

Kawikaan: Makalangit na kaalaman para sa pangaraw-araw na mga problema sa buhay ng tao.

Eclesiastes: Ang pagtalakay sa kahangalan ng buhay na hiwalay sa Diyos.

Awit Ng Mga Awit: Ang pag-iibigan ni Salomon at ng kaniyang asawang babaeng Sulamita. Ang kasaysayan ay kumakatawan sa pagibig ng Diyos para sa Israel at ni Cristo para sa iglesia.

### **MGA AKLAT NG HULA:**

Ang ilan sa mga aklat na ito ay nasulat sa panahong ang bansang Israel ay nahati sa dalawang magkaibang kaharian: Israel at Juda.

Isaias: Nagbabala ng darating na kahalutalan laban sa Juda dahil sa kanilang kasalanan laban sa Diyos.

Jeremias: Nasulat sa bandang hulihan ng pagbagsak ng Juda. Sinabi ang tungkol sa darating na kahalutalan at inudyukan na sumuko kay Nebuchadnezzar.

Mga Panaghoy: Ang panaghoy ni Jeremias (kapahayagan ng kalungkutan) dahil sa pagwasak ng Babilonia sa Jerusalem.

Ezekiel: Nagbabala una sa malapit nang pagbagsak ng Jerusalem at hinulaan din ang darating na pagpapanumbalik nito.

Daniel: Ang propetang si Daniel ay nabihag sa unang pagsalakay sa Juda at dinala sa Babilonia. Nagbibigay ang aklat na ito ng mga katuruan tungkol sa kasaysayan at sa mga hula na mahalaga sa pagkaunawa sa mga hula ng Biblia.

Oseas: Ang paksa ng aklat na ito ay kawalan ng katapatan ng Israel, ang parusa sa kanila, at ang pagbabalik ng Diyos.

Joel: Sinabi ang mga salot na anino ng mga darating na paghatol.

Amos: Sa panahon ng kasaganaang materyal subalit kabulukang moral, nagbabala si Amos sa Israel at mga nakapaligid na mga bayan sa darating na kahalutalan ng Diyos sa kanilang kasalanan.

Obadias: Ang hatol ng Diyos sa Edom, isang masamang bansa na nasa timog ng Dagat na Patay.

Jonas: Ang kasaysayan ng propetang si Jonas na nangaral ng pagsisisi sa Nineve, kapitolyo ng emperyo ng Asiria. Naghayag ang aklat ng pagibig ng Diyos at plano ng pagsisisi para sa mga Hentil.

Mikas: Isa pang hula laban sa mga kasalanan ng Israel. Sinabi ang dakong sisilangan ni Jesus 700 taon bago ito nangyari.

Nahum: Binanggit ang parating na pagkawasak ng Nineve na nalampasan sa nakaraang 150 taon dahil sa pangangaral ni Jonas.

Habacuc: Inihayag ang plano ng Diyos na parusahan ang isang makasalanang bansa sa pamamagitan ng isang mas masamang bansa. Nagturo na ang “ganap ay mabubuhay sa pananampalataya.”

Zefanias: Hatol at pagbabalik ng Juda.

Hagai: Inudyukan ang mga Judio na itayong muli ang templo pagkaraan ng 15 taong pagpapaliban dahil sa paglaban ng kaaway.

Zacarias: Dagdag na pagudyok na tapusin ang templo at sariwain ang espirituwal na pagkakatalaga. Hinulaan ang una at ikalawang pagparito ni Cristo.

Malakias: Nagbabala laban sa kababawang espirituwal at hinulaan ang pagdating ni Juan Bautista at ni Jesus.

### **MGA AKLAT NG BAGONG TIPAN**

(27 na mga Aklat)

Ang apat na mga aklat na kilala bilang Ebanghelyo ay nagtatala ng kapanganakan, buhay, ministeryo, mga katuruan, kamatayan at pagkabuhay na maguli ni Jesu-Cristo. Ang paraan ng bawat aklat ay nagkakaiba:

#### **ANG MGA EBANGHELYO:**

Mateo: Si Jesus bilang Hari ang binibigyang diin ng aklat na ito na nakatuon lalo na sa mga Judio.

Marcos: Si Jesu-Cristo bilang Alipin ng Diyos ang binibigyan diin naman dito at nakatuon lalo na sa mga Romano.

Lucas: Ipinakilala si Jesu-Cristo bilang “Anak ng Tao,” ang taong sakdal at Tagapagligtas ng mga taong hindi sakdal.

Juan: Ipinakilala si Jesus sa Kaniyang kalagayan bilang Anak ng Diyos.

#### **AKLAT NG KASAYSAYAN:**

Mga Gawa: Ang nag-iisang aklat ng kasaysayan sa Bagong Tipan na nagtala ng unang paglago ng Cristianismo mula sa panahong si Jesus ay nagbalik sa langit hanggang sa pagkabilanggo ni Pablo sa Roma. Mga 33 mga taon ang saklaw ng aklat na ito at nagbigay diin sa gawa ng Espiritu Santo.



## **MGA SULAT:**

Mga Taga Roma: Isang paghaharap ng Ebanghelyo na nagbibigay halaga sa kaligtasan sa pamamagitan lamang ng pananampalataya.

I Corinto: Nasulat upang ituwid ang mga kamalian sa paguugali ng mga Cristiano sa iglesia lokal.

II Corinto: Nagsalita tungkol sa tunay na ministeryo ng Ebanghelyo, pagiging katiwala, at ang karapatan ni Pablo sa pagiging apostol.

Galacia: Tinalakay ang kamalian ng paghahalo ng pananampalataya sa kautusan. Ang paksa ay pagaaring ganap sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.

Efeso: Pinasisigla ang mga mananampalataya tungkol sa kanilang posisyon kay Cristo.

Filipos: Binibigyang diin ang kagalakan ng pagkakaisang Cristiano.

Colosas: Hinarap ang kamalian ng “Gnostisismo” isang maling katuruan na itinatatwa na si Jesus ay tunay na Anak ng Diyos at Anak ng Tao. Binigyan diin din ng aklat na si Jesus ang ulo ng Iglesia.

I Tesalonica: Payo sa pamumuhay Cristiano at diin sa pagbabalik ni Jesus.

II Tesalonica: Dagdag na tagubilin sa pagbabalik ng Panginoon at paanong ang kaalaman na ito ay magkabisa sa pang-araw-araw na buhay.

I Timoeto: Binigyang halaga ang wastong doktrina, maayos na pamamalakad ng iglesia, at mga prinsipyo na gagabay sa iglesia sa mga taong darating.

II Timoteo: Inilarawan ang tunay na alipin ni Jesu-Cristo. Nagbabala rin ito tungkol sa panlalamig sa pananampalataya na nagsimula na. Iniharap nito ang Salita ng Diyos bilang lunas sa pagtutuwid ng mga kamalian.

Tito: Sulat ni Pablo sa isang batang ministro na nagngangalang Tito na naglilingkod sa isla ng Crete. Binigyang halaga ang doktrina at banal na pamumuhay.

Filemon: Ang pamamagitan ni Pablo para sa isang naglayas na alipin ng isang mayamang Cristiano sa Colosas. Naglalarawan ng pamamagitan ni Jesus para sa mga mananampalataya na dati ay alipin ng kasalanan.

Hebreo: Ipinaliliwanag ang kahigtan ng Cristianismo sa Judaismo. Iniharap si Jesus bilang Dakilang Saserdote at ang tagapamagitan sa Diyos at sa tao.

Santiago: Itinuturo na ang tunay na pananampalataya ay pinatutunayan sa pamamagitan ng mga gawa, bagamat ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng pananampalataya lamang.

I Pedro: Isang sulat ng pangpasigla at pang-aliw sa mga mananampalataya, lalo na yaong mga nagdurusa dahil sa mga pagsalakay na espirituwal mula sa labas ng iglesia galing sa mga hindi mananampalataya.

II Pedro: Isang babala laban sa mga pagsalakay na espirituwal mula sa loob. Halimbawa, mga bulaang propeta na nakapasok na sa Iglesia.

I Juan: Nilabanan ang Gnostisismo na nagtatatwa na si Jesus ay Anak ng Diyos at anak ng Tao. Binigyang diin ng aklat ang pakikibahagi at pagibig sa mga mananampalataya at tiniyak sa mga tunay na mananampalataya ang buhay na walang hanggan.

II Juan: Nagbabala laban sa anomang pakikikompromiso sa maling doktrina at nagbigay diin na ang katotohanan ay dapat mabantayan na may pagibig.

III Juan: Nagbabala na kasalanan ang tumanggi sa pakikisama sa mga tunay na mananampalataya.

Judas: Isa pang babala laban sa panlalamig at maling doktrina. Ang paksa ay katulad ng sa II Pedro.

### **AKLAT NG HULA:**

Apocalipsis: Ang aklat na ito ng hula ay nagsasaad ng mga huling pangyayari sa kasaysayan ng sanglibutan. Binanggit nito ang mga bagay na nakaraan, mga kasalukuyan, at ang mga magaganap pa sa hinaharap na plano ng Diyos (Apocalipsis 4:22).

## **MATAGUMPAY NA PAGBABASA NG BIBLIA**

Marami kang matututuhan sa kursong ito kung paanong maunawaan at mabigyang kahulugan ang Biblia. Matututuhan mo rin ang mga mapanglikhang mga pamamaraan ng pag-aaral ng Biblia. Ngunit ang unang hakbang sa pagkaunawa ng Biblia ay basahin muna ito. Upang tulungan kang magbasa ng Salita ng Diyos, nagbalangkas kami ng ilang ibat-ibang mga plano ng pagbabasa. Kabilang dito ang isang plano para doon sa mga nagsisimula pa lamang ng kanilang pag-aaral at gayon din para doon sa mga nakalampas na rito sa pag-aaral ng Biblia. Una, narito ang mga mungkahi para sa matagumpay na pagbabasa ng Biblia:

### **1. MAGBASA ARAW-ARAW:**

**Kundi ang kaniyang kasayahan ay nasa kautusan ng Panginoon; At sa kautusan Niya nagbubulaybulay siya araw at gabi. (Awit 1:2)**

Nilalang ng Diyos ang iyong katawan kaya kailangan mo ng pagkain upang manatili ang kalusugan. Sa gayon ding paraan, ang iyong espiritu ay dapat pakanin araw-araw ng Salita ng Diyos upang ikaw ay maging malusog sa espiritu.

...Nasusulat, hindi sa tinapay lamang mabubuhay ang tao. (Lucas 4:4)

## **2. MAGBASA NA MAY KAAYUSAN:**

Simulan mong basahin ang mga “gatas” ng Salita ng Diyos. Ito ang mga simpleng katotohanan ng Salita ng Diyos:

**Gaya ng mga sanggol na bagong panganak ay nasain ninyo ang gatas na walang daya na ukol sa espiritu, upang sa pamamagitan nito’y magsilago kayo sa ikaliligtas. (I Pedro 2:2)**

Hindi magtatagal at ikaw ay lalago sa iyong buhay espirituwal at makakakain ka na ng “karne” ng Salita ng Diyos. Ang ibig sabihin nito ay maiintindihan mo na ang higit na mahihirap na mga katuruan ng Biblia:

**Sapagkat bawat tumatanggap ng gatas ay walang karanasan sa salita ng katuwiran; sapagkat siya’y isang sanggol.**

**Ngunit ang pagkaing matigas ay sa mga may gulang, sa makatuwid ay doon sa mga sa pamamagitan ng pamimihasa ay nangasanay ang kanilang pakiramdam, upang makilala ang mabuti at ang masama. (Hebreo 5:13-14)**

**Kinandili ko kayo ng gatas, at hindi ng lamang-kati; sapagkat kayo’y wala pang kaya noon... (I Corinto 3:2)**

## **3. MAGBASA NA MAY PANALANGIN:**

**Sapagkat inilagak ni Ezra ang kaniyang puso na hanapin ang kautusan ng Panginoon... (Ezra 7:10)**

Bago ka magsimulang magbasa, manalangin ka sa Diyos at hingin mo sa Kaniya na tulungan kang maunawaan ang Kaniyang mensahe na ibinigay Niya sa pamamagitan ng nasulat Niyang Salita. Ang panalangin ay maging tulad ng panalangin ng Salmista David:

**Idilat Mo ang aking mga mata upang ako’y makakita ng kagilagilalas na mga bagay sa Iyong kautusan. (Awit 119:18)**

## **4. MAGBASA NA MAY MAAYOS NA HANAY:**

May mga tao na hindi maunawaan ang Salita ng Diyos sapagkat wala silang maayos na hanay na plano ng pagbabasa. Babasa ng isang kabanata rito isang kabanata roon at nabibigong pagbuklurin ang mga ito. Ito ay tulad ng pagbasa na isang pahina dito at isang pahina doon ng isang libro ng medisina at pagkatapos ay manggagamot ka na. Sinabi ng Biblia sa atin na ating “saliksikin ang mga Kasulatan” (Juan 5:39). Ang ibig sabihin ay pag-aralang mabuti. Ang Biblia ay isang aklat na tulad ng ginagamit sa paaralan. Dapat mong basahin sa isang maayos na paraan upang

maunawaan mo ang nilalaman nito. Pumili ng isa sa mga skedyul ng pagbasa at simulan mong basahin ang iyong Biblia araw-araw.

### **PARA SA MGA NAGSISIMULA**

Kung hindi mo pa dating nabasa ang Biblia, magsimula ka sa aklat ni Juan sa Bagong Tipan. Ang aklat na ito ay isinulat ng isa sa mga alagad ni Jesu-Cristo na nagngangalang Juan. Isinulat niya ang kasaysayan ni Jesus sa isang simpleng paraan na madaling maunawaan.

Bumasa ng isang kabanata sa Juan kada araw sa hanay na makikita sa iyong Biblia. Gamitin mo ang mga sumusunod na tsart upang markahan ng ( ✓ ) ang kada kabanatang iyong nabasa na.

#### **Ang Ebanghelyo Ni Juan:**

_____1	_____5	_____9	_____13	_____17
_____2	_____6	_____10	_____14	_____18
_____3	_____7	_____11	_____15	_____19
_____4	_____8	_____12	_____16	_____20

## ISANG MAIKLING PAGTATAKDA O SKEDYUL

Ang maikling skedyul ng pagbabasa ng Biblia ay inayos upang magbigay ng paunang kaalaman sa Biblia sa pamamagitan ng mga piling bahagi ng Kasulatan. Basahin ang mga bahagi ayon sa hanay ng pagkakalista ng mga ito. Gamitin ang tsart upang markahan ng (  $\checkmark$  ) ang kada bahagi na natapos nang basahin.

### ANG BAGONG TIPAN:

_____Juan	_____I Tesalonica	_____Efeso
_____Marcos	_____I Corinto	_____II Timoteo
_____Lucas	_____Roma	_____I Pedro
_____Gawa	_____Filemon	_____I Juan
_____Roma	_____Filipos	_____Apocalipsis 1-5; 19:6-22:21

### ANG LUMANG TIPAN:

_____Genesis	_____Amos
_____Exodo 1-20	_____Isaias 1-12
_____Bilang 10:11-21:35	_____Jeremias 1-25; 33-39
_____Deuteronomio 1-11	_____Ruth
_____Josue 1-12; 22-24	_____Jonas
_____Mga Hukom 1-3	_____Awit 1-23
_____I Samuel 1-3, 9-10, 13, 15-18, 31	_____Job 1-14, 38-42
_____II Samuel 1	_____Kawikaan 1-9
_____I Mga Hari 1-11	_____Daniel 1-6
_____Nehemias	

## ANG MAS MAHABANG PAGTATAKDA O SKEDYUL

Ang planong ito ng pagbabasa ay sumasaklaw sa Biblia nang higit na malalim kaysa sa Maikling Skedyul, ngunit hindi nito nasasakop ang buong Biblia.

### BAGONG TIPAN:

___ Marcos	___ Filipos
___ Mateo	___ Efeso
___ Juan	___ II Timoteo
___ Lucas	___ Tito
___ Gawa	___ I Timoteo
___ I Tesalonica	___ I Pedro
___ II Tesalonica	___ Hebreo
___ I Corinto	___ Santiago
___ II Corinto	___ I Juan
___ Galacia	___ II Juan
___ Roma	___ III Juan
___ Filemon	___ Judas
___ Colosas	___ II Pedro
	___ Apocalipsis 1-5 at 19:6-22:21

**LUMANG TIPAN:**

_____Genesis	_____Jeremias 1-25 at 30-33
_____Exodo 1-24	_____Nahum
_____Levitico 1-6:7	_____Habacuc
_____Bilang 10:11-21:35	_____Ezekiel 1-24 at 33-39
_____Deuteronomio 1-11 at 27-34	_____Obadias
_____Josue 1-12 at 22-24	_____Mga Panaghoy
_____Mga Hukom 1-16	_____Isaias 40-66
_____I Samuel	_____Zacarias 1-8
_____II Samuel	_____Malakias
_____I Mga Hari	_____Joel
_____II Mga Hari	_____Ruth
_____I Cronica	_____Jonas
_____II Cronica	_____Mga Awit
_____Ezra	_____Job
_____Nehemias	_____Kawikaan 1-9
_____Amos	_____Awit Ng Mga Awit
_____Oseas	_____Eclesiastes
_____Micas	_____Esther
_____Isaias 1-12	_____Daniel
_____Zefanias	

## ANG KUMPLETONG PAGTATAKDA O SKEDYUL

Matatapos mo ang pagbabasa ng Biblia sa loob ng isang taon sa paggamit mo ng kompletong skedyul ng pagbabasa ng Biblia.

### Enero

- \_\_\_1. Genesis 1-2
- \_\_\_2. Genesis 3-5
- \_\_\_3. Genesis 6-9
- \_\_\_4. Genesis 10-11
- \_\_\_5. Genesis 12-15
- \_\_\_6. Genesis 16-19
- \_\_\_7. Genesis 20-22
- \_\_\_8. Genesis 23-26
- \_\_\_9. Genesis 27-29
- \_\_\_10. Genesis 30-32
- \_\_\_11. Genesis 33-36
- \_\_\_12. Genesis 37-39
- \_\_\_13. Genesis 40-42
- \_\_\_14. Genesis 43-46
- \_\_\_15. Genesis 47-50
- \_\_\_16. Job 1-4
- \_\_\_17. Job 5-7
- \_\_\_18. Job 8-10
- \_\_\_19. Job 11-13
- \_\_\_20. Job 14-17
- \_\_\_21. Job 18-20
- \_\_\_22. Job 21-24
- \_\_\_23. Job 25-27
- \_\_\_24. Job 28-31
- \_\_\_25. Job 32-34
- \_\_\_26. Job 35-37
- \_\_\_27. Job 38-42
- \_\_\_28. Exodo 1-4
- \_\_\_29. Exodo 5-7
- \_\_\_30. Exodo 8-10
- \_\_\_31. Exodo 11-13

### Pebrero

- \_\_\_1. Exodo 14-17
- \_\_\_2. Exodo 18-20
- \_\_\_3. Exodo 21-24
- \_\_\_4. Exodo 25-27
- \_\_\_5. Exodo 28-31
- \_\_\_6. Exodo 32-34
- \_\_\_7. Exodo 35-37
- \_\_\_8. Exodo 38-40
- \_\_\_9. Levitico 1-4
- \_\_\_10. Levitico 5-7
- \_\_\_11. Levitico 8-10
- \_\_\_12. Levitico 11-13
- \_\_\_13. Levitico 14-16
- \_\_\_14. Levitico 17-19
- \_\_\_15. Levitico 20-23
- \_\_\_16. Levitico 24-27
- \_\_\_17. Bilang 1-3
- \_\_\_18. Bilang 4-6
- \_\_\_19. Bilang 7-10
- \_\_\_20. Bilang 11-14
- \_\_\_21. Bilang 15-17
- \_\_\_22. Bilang 18-20
- \_\_\_23. Bilang 21-24
- \_\_\_24. Bilang 25-27
- \_\_\_25. Bilang 28-30
- \_\_\_26. Bilang 31-33
- \_\_\_27. Bilang 34-36
- \_\_\_28. Deuteronomio 1-3



## Marso

- \_\_\_ 1. Deuteronomio 4-6
- \_\_\_ 2. Deuteronomio 7-9
- \_\_\_ 3. Deuteronomio 10-12
- \_\_\_ 4. Deuteronomio 13-16
- \_\_\_ 5. Deuteronomio 17-19
- \_\_\_ 6. Deuteronomio 20-22
- \_\_\_ 7. Deuteronomio 23-25
- \_\_\_ 8. Deuteronomio 26-28
- \_\_\_ 9. Deuteronomio 29-31
- \_\_\_ 10. Deuteronomio 32-34
- \_\_\_ 11. Josue 1-3
- \_\_\_ 12. Josue 4-6
- \_\_\_ 13. Josue 7-9
- \_\_\_ 14. Josue 10-12
- \_\_\_ 15. Josue 13-15
- \_\_\_ 16. Josue 16-18
- \_\_\_ 17. Josue 19-21
- \_\_\_ 18. Josue 22-24
- \_\_\_ 19. Mga Hukom 1-4
- \_\_\_ 20. Mga Hukom 5-8
- \_\_\_ 21. Mga Hukom 9-12
- \_\_\_ 22. Mga Hukom 13-15
- \_\_\_ 23. Mga Hukom 16-18
- \_\_\_ 24. Mga Hukom 19-21
- \_\_\_ 25. Ruth 1-4
- \_\_\_ 26. I Samuel 1-3
- \_\_\_ 27. I Samuel 4-7
- \_\_\_ 28. I Samuel 8-10
- \_\_\_ 29. I Samuel 11-13
- \_\_\_ 30. I Samuel 14-16
- \_\_\_ 31. I Samuel 17-20

## Abril

- \_\_\_ 1. I Samuel 21-24
- \_\_\_ 2. I Samuel 25-28
- \_\_\_ 3. I Samuel 29-31
- \_\_\_ 4. II Samuel 1-4
- \_\_\_ 5. II Samuel 5-8
- \_\_\_ 6. II Samuel 9-12
- \_\_\_ 7. II Samuel 13-15
- \_\_\_ 8. II Samuel 16-18
- \_\_\_ 9. II Samuel 19-21
- \_\_\_ 10. II Samuel 22-24
- \_\_\_ 11. Awit 1-3
- \_\_\_ 12. Awit 4-6
- \_\_\_ 13. Awit 7-9
- \_\_\_ 14. Awit 10-12
- \_\_\_ 15. Awit 13-15
- \_\_\_ 16. Awit 16-18
- \_\_\_ 17. Awit 19-21
- \_\_\_ 18. Awit 22-24
- \_\_\_ 19. Awit 25-27
- \_\_\_ 20. Awit 28-30
- \_\_\_ 21. Awit 31-33
- \_\_\_ 22. Awit 34-36
- \_\_\_ 23. Awit 37-39
- \_\_\_ 24. Awit 40-42
- \_\_\_ 25. Awit 43-45
- \_\_\_ 26. Awit 46-48
- \_\_\_ 27. Awit 49-51
- \_\_\_ 28. Awit 52-54
- \_\_\_ 29. Awit 55-57
- \_\_\_ 30. Awit 58-60

## Mayo

- \_\_\_1. Awit 61-63
- \_\_\_2. Awit 64-66
- \_\_\_3. Awit 67-69
- \_\_\_4. Awit 70-72
- \_\_\_5. Awit 73-75
- \_\_\_6. Awit 76-78
- \_\_\_7. Awit 79-81
- \_\_\_8. Awit 82-84
- \_\_\_9. Awit 85-87
- \_\_\_10. Awit 88-90
- \_\_\_11. Awit 91-93
- \_\_\_12. Awit 94-96
- \_\_\_13. Awit 97-99
- \_\_\_14. Awit 100-102
- \_\_\_15. Awit 103-105
- \_\_\_16. Awit 106-108
- \_\_\_17. Awit 109-111
- \_\_\_18. Awit 112-114
- \_\_\_19. Awit 115-118
- \_\_\_20. Awit 119
- \_\_\_21. Awit 120-123
- \_\_\_22. Awit 124-126
- \_\_\_23. Awit 127-129
- \_\_\_24. Awit 130-132
- \_\_\_25. Awit 133-135
- \_\_\_26. Awit 136-138
- \_\_\_27. Awit 139-141
- \_\_\_28. Awit 142-144
- \_\_\_29. Awit 145-147
- \_\_\_30. Awit 148-150
- \_\_\_31. I Hari 1-4

## Hunyo

- \_\_\_1. Kawikaan 1-3
- \_\_\_2. Kawikaan 4-7
- \_\_\_3. Kawikaan 8-11
- \_\_\_4. Kawikaan 12-14
- \_\_\_5. Kawikaan 15-18
- \_\_\_6. Kawikaan 19-21
- \_\_\_7. Kawikaan 22-24
- \_\_\_8. Kawikaan 25-28
- \_\_\_9. Kawikaan 29-31
- \_\_\_10. Ecclesiastes 1-3
- \_\_\_11. Ecclesiastes 4-6
- \_\_\_12. Ecclesiastes 7-9
- \_\_\_13. Ecclesiastes 10-12
- \_\_\_14. Awit ng mga Awit 1-4
- \_\_\_15. Awit ng mga Awit 5-8
- \_\_\_16. I Hari 5-7
- \_\_\_17. I Hari 8-10
- \_\_\_18. I Hari 11-13
- \_\_\_19. II Hari 14-16
- \_\_\_20. II Hari 17-19
- \_\_\_21. II Hari 20-22
- \_\_\_22. II Hari 1-3
- \_\_\_23. II Hari 4-6
- \_\_\_24. II Hari 7-10
- \_\_\_25. II Hari 11-14:20
- \_\_\_26. Joel 1-3
- \_\_\_27. II Hari 14:21-25; Jonas 1-4
- \_\_\_28. II Hari 14:26-29; Amos 1-3
- \_\_\_29. Amos 4-6
- \_\_\_30. Amos 7-9

## Hulyo

- \_\_\_ 1. II Hari 15-17
- \_\_\_ 2. Oseas 1-4
- \_\_\_ 3. Oseas 5-7
- \_\_\_ 4. Oseas 8-10
- \_\_\_ 5. Oseas 11-14
- \_\_\_ 6. II Hari 18-19
- \_\_\_ 7. Isaias 1-3
- \_\_\_ 8. Isaias 4-6
- \_\_\_ 9. Isaias 7-9
- \_\_\_ 10. Isaias 10-12
- \_\_\_ 11. Isaias 13-15
- \_\_\_ 12. Isaias 16-18
- \_\_\_ 13. Isaias 19-21
- \_\_\_ 14. Isaias 22-24
- \_\_\_ 15. Isaias 25-27
- \_\_\_ 16. Isaias 28-30
- \_\_\_ 17. Isaias 31-33
- \_\_\_ 18. Isaias 34-36
- \_\_\_ 19. Isaias 37-39
- \_\_\_ 20. Isaias 40-42
- \_\_\_ 21. Isaias 43-45
- \_\_\_ 22. Isaias 46-48
- \_\_\_ 23. Isaias 49-51
- \_\_\_ 24. Isaias 52-54
- \_\_\_ 25. Isaias 55-57
- \_\_\_ 26. Isaias 58-60
- \_\_\_ 27. Isaias 61-63
- \_\_\_ 28. Isaias 64-66
- \_\_\_ 29. Mikas 1-4
- \_\_\_ 30. Mikas 5-7
- \_\_\_ 31. Nahum 1-3

## Agosto

- \_\_\_ 1. II Hari 20-21
- \_\_\_ 2. Zefanias 1-3
- \_\_\_ 3. Habacuc 1-3
- \_\_\_ 4. II Hari 22-25
- \_\_\_ 5. Obadias/Jeremias 1-2
- \_\_\_ 6. Jeremias 3-5
- \_\_\_ 7. Jeremias 6-8
- \_\_\_ 8. Jeremias 9-12
- \_\_\_ 9. Jeremias 13-16
- \_\_\_ 10. Jeremias 17-20
- \_\_\_ 11. Jeremias 21-23
- \_\_\_ 12. Jeremias 24-26
- \_\_\_ 13. Jeremias 27-29
- \_\_\_ 14. Jeremias 30-32
- \_\_\_ 15. Jeremias 33-36
- \_\_\_ 16. Jeremias 37-39
- \_\_\_ 17. Jeremias 40-42
- \_\_\_ 18. Jeremias 43-46
- \_\_\_ 19. Jeremias 47-49
- \_\_\_ 20. Jeremias 50-52
- \_\_\_ 21. Mga Panaghoy 1-5
- \_\_\_ 22. I Cronica 1-3
- \_\_\_ 23. I Cronica 4-6
- \_\_\_ 24. I Cronica 7-9
- \_\_\_ 25. I Cronica 10-13
- \_\_\_ 26. I Cronica 14-16
- \_\_\_ 27. I Cronica 17-19
- \_\_\_ 28. I Cronica 20-23
- \_\_\_ 29. I Cronica 24-26
- \_\_\_ 30. I Cronica 27-29
- \_\_\_ 31. II Cronica 1-3

## Setyembre

- \_\_\_1. II Cronica 4-6
- \_\_\_2. II Cronica 7-9
- \_\_\_3. II Cronica 10-13
- \_\_\_4. II Cronica 14-16
- \_\_\_5. II Cronica 17-19
- \_\_\_6. II Cronica 20-22
- \_\_\_7. II Cronica 23-25
- \_\_\_8. II Cronica 26-29
- \_\_\_9. II Cronica 30-32
- \_\_\_10. II Cronica 33-36
- \_\_\_11. Ezekiel 1-3
- \_\_\_12. Ezekiel 4-7
- \_\_\_13. Ezekiel 8-11
- \_\_\_14. Ezekiel 12-14
- \_\_\_15. Ezekiel 15-18
- \_\_\_16. Ezekiel 19-21
- \_\_\_17. Ezekiel 22-24
- \_\_\_18. Ezekiel 25-27
- \_\_\_19. Ezekiel 28-30
- \_\_\_20. Ezekiel 31-33
- \_\_\_21. Ezekiel 34-36
- \_\_\_22. Ezekiel 37-39
- \_\_\_23. Ezekiel 40-42
- \_\_\_24. Ezekiel 43-45
- \_\_\_25. Ezekiel 46-48
- \_\_\_26. Daniel 1-3
- \_\_\_27. Daniel 4-6
- \_\_\_28. Daniel 7-9
- \_\_\_29. Daniel 10-12
- \_\_\_30. Esther 1-3

## Oktubre

- \_\_\_1. Esther 4-7
- \_\_\_2. Esther 8-10
- \_\_\_3. Ezra 1-4
- \_\_\_4. Hagai 1-2/Zacarias 1- 2
- \_\_\_5. Zacarias 1-2
- \_\_\_6. Zacarias 3-6
- \_\_\_7. Zacarias 7-10
- \_\_\_8. Ezra 5-7
- \_\_\_9. Ezra 8-10
- \_\_\_10. Nehemias 1-3
- \_\_\_11. Nehemias 4-6
- \_\_\_12. Nehemias 7-9
- \_\_\_13. Nehemias 10-13
- \_\_\_14. Malakias 1-4
- \_\_\_15. Mateo 1-4
- \_\_\_16. Mateo 5-7
- \_\_\_17. Mateo 8-11
- \_\_\_18. Mateo 12-15
- \_\_\_19. Mateo 16-19
- \_\_\_20. Mateo 20-22
- \_\_\_21. Mateo 23-25
- \_\_\_22. Mateo 26-28
- \_\_\_23. Marcos 1-3
- \_\_\_24. Marcos 4-6
- \_\_\_25. Marcos 7-10
- \_\_\_26. Marcos 11-13
- \_\_\_27. Marcos 14-16
- \_\_\_28. Lucas 1-3
- \_\_\_29. Lucas 4-6
- \_\_\_30. Lucas 7-9
- \_\_\_31. Lucas 10-13

## Nobyembre

- \_\_\_1. Lucas 14-17
- \_\_\_2. Lucas 18-21
- \_\_\_3. Lucas 22-24
- \_\_\_4. Juan 1-3
- \_\_\_5. Juan 4-6
- \_\_\_6. Juan 7-10
- \_\_\_7. Juan 11-13
- \_\_\_8. Juan 14-17
- \_\_\_9. Juan 18-21
- \_\_\_10. Gawa 1-2
- \_\_\_11. Gawa 3-5
- \_\_\_12. Gawa 6-9
- \_\_\_13. Gawa 10-12
- \_\_\_14. Gawa 13-14
- \_\_\_15. Santiago 1-2
- \_\_\_16. Santiago 3-5
- \_\_\_17. Galacia 1-3
- \_\_\_18. Galacia 4-6
- \_\_\_19. Gawa 15-18:11
- \_\_\_20. I Tesalonica 1-5
- \_\_\_21. II Tesalonica 1-3
- \_\_\_22. I Corinto 1-4
- \_\_\_23. I Juan 3-5
- \_\_\_24. II Juan, III Juan
- \_\_\_25. Apocalipsis 1-3, Judas
- \_\_\_26. Apocalipsis 4-6
- \_\_\_27. Apocalipsis 7-9
- \_\_\_28. Apocalipsis 10-12
- \_\_\_29. Apocalipsis 13-15
- \_\_\_30. Apocalipsis 16-18
- \_\_\_31. Apocalipsis 19-22

## Disyembre

- \_\_\_1. Roma 5-8
- \_\_\_2. Roma 9-11
- \_\_\_3. Roma 12-16
- \_\_\_4. Gawa 20:3-22
- \_\_\_5. Gawa 23-25
- \_\_\_6. Gawa 26-28
- \_\_\_7. Efeso 1-3
- \_\_\_8. Efeso 4-6
- \_\_\_9. Filipos 1-4
- \_\_\_10. Colosas 1-4
- \_\_\_11. Hebreo 1-4
- \_\_\_12. Hebreo 5-7
- \_\_\_13. Hebreo 8-10
- \_\_\_14. Hebreo 11-13
- \_\_\_15. Filemon/ I Pedro 1-2
- \_\_\_16. I Pedro 3-5
- \_\_\_17. II Pedro 1-3
- \_\_\_18. I Timoteo 1-3
- \_\_\_19. I Timoteo 4-6
- \_\_\_20. Tito 1-3
- \_\_\_21. II Timoteo 1-4
- \_\_\_22. I Juan 1-2; Gawa 18:12-19;10
- \_\_\_23. I Corinto 5-8
- \_\_\_24. I Corinto 9-12
- \_\_\_25. I Corinto 13-16
- \_\_\_26. Gawa 19:11-20:1; II Cor 1-3
- \_\_\_27. II Corinto 4-6
- \_\_\_28. II Corinto 7-9
- \_\_\_29. II Corinto 10-13
- \_\_\_30. Gawa 20:2/Roma 1-4

## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing mga Talata na memoryado:

---

---

---

---

2. Ilang aklat mayroon sa Lumang Tipan?

---

3. Ilang aklat mayroon sa Bagong Tipan?

---

4. Bakit mahalaga ang magkaroon ng maayos na hanay na paraan ng pagbasa ng Biblia?

---

---

---

5. Ano ang apat na mga mungkahi sa pagkakaroon ng matagumpay na pagbabasa ng Biblia?

---

---

---

---

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

- Repasuhin ang mga paglalarawan sa bawat aklat ng Biblia na ibinigay sa kabanatang ito.
  - Isulat ang pangalan ng bawat aklat ng Biblia sa ibaba.
  - Sa tabi ng pangalan ng bawat aklat, ibigay ang buod, sa tatlo o apat na pangungunsa, ng nilalaman nito.
  - Ang unang dalawa ay ginawa bilang halimbawa para sa iyo.
- ( Sa pamamagitan ng pagpapaikli sa ganitong paraan magkakaroon ka ng isang pangkalahatang kaalaman sa nilalaman ng Biblia.)

### Pangalan Ng Aklat

### Nilalaman

Genesis Aklat ng mga pasimula

---

Exodo Paglabas mula sa Egipto

---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---



---





# IKATLONG KABANATA

## MGA BERSYON NG BIBLIA

### MGA LAYUNIN:

Pagkatapos na pagaralan ang kabanatang ito ikaw ay magkakaroon ng kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata na memoryado.
- Panganlan ang tatlong mga wika na dito nasulat ang Biblia.
- Ibigay ang kahulugan ng salitang “bersyon.”
- Ipaliwanag ang pagkakaiba ng isang pagsasalin at ng isang malayang pagbibigay kahulugan (paraphrase) na mga bersyon ng Biblia.

### SUSING MGA TALATA:

**Nagbigay ng salita ang Panginoon: ang mga babaing nangaghahayag nga mga balita ay malaking hukbo. (Awit 68:11)**

### PAMBUNGAD

Ang kabanatang ito ay tinutukoy ang mga orihinal na mga wika na ginamit sa pagsulat ng Biblia at ipapaliwanag kung paano nasalin ang mga Kasulatan sa ibat-ibang mga wika. Matututuhan mo ang pagkakaiba ng pagsasalin at ng malayang pagbibigay kahulugan na mga bersyon ng Biblia. Mga halimbawa mula sa ibat-ibang mga salin ay ipinagkakaloob.

### TATLONG MGA WIKA

Ang Biblia ay orihinal na nasulat sa tatlong mga wika. Ang karamihan sa Lumang Tipan ay nasulat sa salitang Hebreo maliban sa mga bahagi ng aklat ni Daniel at Nehemias na nasulat sa salitang Aramaic. Ang Bagong Tipan ay nasulat sa wikang Griego.

Walang orihinal na mga dokumento na napagsulatan ng orihinal na Biblia ang na sa atin ngayon. May ilang mga matatandang mga sulatin (manuscripts) na kopya ng orihinal. Ang mga bersyon ay mga salin mula sa mga kopyang ito na mga orihinal na mga sulatin o manuscript. Mula pa noong unang panahon nakita na ng mga tao ang pangangailangan ng pagsasalin ng Biblia upang ang bawat isa ay makabasa nito sa kaniyang sariling wika.

Walang salin na eksakto sapagkat walang dalawang wika na eksaktong eksakto ang pagkakatulad. May ilang mga salita sa Biblia na wala sa ibang mga wika. Halimbawa, may isang tribo ng mga Indian sa Ecuador, South America, na tinatawag na Auca Indians. Nang una silang ma-kontak ng

mga misyonero, ang mga Indian na ito ay hindi marunong bumasa o sumulat. Walang mga salita sa kanilang wika para sa “pagsulat” o kaya ay “aklat.”

May ugali ang mga Auca Indians na ukitan ang kanilang mga ari-arian ng mga palatandaan na ito ay kanila. Yamang walang mga salita sa kanilang wika para sa kasulatan, pagsulat o aklat, nang isalin ang Biblia para sa kanila, tinawag ito na “Ang Ukit Ng Diyos.” Natukoy ito bilang pag-aari ng Diyos. Ito ang isa sa mga halimbawa ng mga kahirapan ng pagsasalin ng Biblia sa ibat-ibang mga wika.

### **MGA SALIN AT MGA “PARAPHRASES”**

Maraming mga ibat-ibang mga bersyon ang Biblia. Ang ibig sabihin ng salitang “bersyon” ay isang Biblia na nasulat sa isang wika na iba mula sa orihinal na wika na nasulat ang Biblia. May dalawang uri ng mga bersyon ng Biblia: Mga salin at “paraphrase.”

#### **SALIN:**

Ang isang salin ay pagsisikap na ihayag kung ano mismo ang sinasabi ng mga salitang Griego, Hebreo, at Aramaic. Nagbibigay ito, hanggat maaari, ng literal na salita kada salitang pagsasalin. May mga dagdag na mga salita na inilalagay kung kailangan upang maintindihan ng nagbabasa ang kahulugan.

#### **PARAPHRASE:**

Ang paraphrase naman ay hindi nagsisikap na magsalin salita kada salita. Nagsasalin ito ng mga kaisipan. Ang paraphrase ay paguulit ng ibig sabihin ng isang bahagi. Ang mga paraphrase ang madaling basahin at maintindihan sapagkat ang mga ito ay nasulat sa makabagong bokabularyo, ngunit hindi ito mga eksaktong salin ng Salita ng Diyos.

Sa bahaging “Para Sa Dagdag Na Pag-aaral” sa kabanatang ito may mga halimbawa mula sa mga ilang salin ng Biblia upang iyong ikumpara. Maglalarawan ito ng pagkakaiba sa salin at paraphrase na mga bersyon.

### **PAGPILI NG ISANG BIBLIA NA PAG-AARALAN**

Para sa layunin ng kursong ito at sa pangkalahatang pag-aaral ng Biblia, ang aming rekomendasyon ay gamitin ang salin ng Bibliang Tagalog – Ang Biblia. May mga ilang dahilan para dito:

#### **UNA:**

Ang salin ng “Ang Biblia” (na katumbas ng King James sa Ingles) ay napakatumpak at isang magandang salin para sa tunay na pag-aaral. Ang isang paraphrase na bersyon ay hindi naglalaman ng mga eksaktong salita-kada-salitang pagsasalin ng mga Kasulatan.

## **PANGALAWA:**

Sa Ingles, maraming mga tulong na mga aklat ang nasulat na kaugnay ng King James Version. Halimbawa ang maraming mga konkordansya, mga diksyonaryo, at mga komentaryo ay nasulat na ang gamit na teksto ay ang King James version. Sa Tagalog, ang katumbas nito ay ang unang salin na kung tawagin ay “Ang Biblia.”

## **PANGATLO:**

Itinuturing na ang mga gumagamit ng Bibliang Tagalog ay “Ang Biblia” ang gamit nila. At iyan ang gamit sa mga kursong ito na isina-tagalog. Gayon man, ang nagiging popular na gamit ng mga nagsasalita at bumabasa ng Tagalog ay ang “Magandang Balita Biblia (MBB).

Ang mga Bibliang Tagalog na sumusunod ay inilathala ng Philippine Bible Society, sa kanilang address sa 890 United Nations Avenue, Manila, Philippines:

Ang Biblia- ©1982

Magandang Balita Biblia (Tagalog Popular Version Bible) © 1980

Ang ilang salin sa Tagalog ay ang Bagong Tipan lamang:

Ang Salita Ng Diyos- © 1998 ng Bibles International®

Baptist Mid-Missions’ Translation , Publishing, ang Literary Services

Ang Salita Ng Diyos Para Sa Mga Pilipino -© 2003 OMF Literture


(Isang Makabagong Salin Ng Bagong Tipan Ng Biblia)

## **MGA IBAT-IBANG DAGDAG SA PAGLILIMBAG**

Sa Bibliang Ingles, may mga kopya ng Biblia na ang lahat ng mga direktong salita ni Jesus ay nakalimbag sa kulay pula. Hindi ito masusumpungan sa kasalukuyan sa mga Bibliang Tagalog na nabanggit bago ang parapong ito.

## **ISANG BUOD**

Ang sumusunod na tsart ay nagbibigay ng buod kung paanong ang mga ibat-ibang bersyon ng Biblia ay nabuo:



## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing mga Talata na memoryado:

---

---

---

---

2. Ano ang ibig sabihin ng salitang “bersyon” ?

---

3. Ano ang pagkakaiba ng isang salin at isang paraphrase na bersyon ng Biblia?

---

---

4. Ano ang salin ng Biblia na ginagamit sa kursong ito?

---

5. Ano ang tatlong mga wika na ginamit sa pagsulat ng orihinal na Biblia?

---

---

---

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nasa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito.)

# **IKA-APAT NA KABANATA ANG PAMBUNGAD PARA SA PAGBALANGKAS**

## **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.
- Ibigay ang kahulugan ng terminong “balangkas.”
- Bumasa ng balangkas.
- Gumawa ng balangkas.

## **SUSING TALATA:**

**Bukod dito’y sinabi niya sa akin, Anak ng tao, lahat ng aking mga salita na aking sasalitain sa iyo ay tanggapin mo sa iyong puso, at dinggin mo ng iyong mga pakinig. ( Ezekiel 3:10)**

## **PAMBUNGAD**

Kasama sa “*Pagsisiyasat Ng Biblia -Unang Aklat*” ang balangkas ng bawa’t aklat ng Biblia sa Lumang Tipan. Ang balangkas ay nagbibigay ng pangkabuuan na karaniwang nilalaman ng Salita ng Dios. Maraming madetalyeng mga balangkas ang ibinigay sa “*Pagsisiyasat Ng Biblia-Ikalawang Bahagi*” para sa Gospels/ Ebanghelyo, Mga Gawa, at Mga Sulat ni Pablo/ Epistles dahil sa natatanging pokus ng Harvestime International Institute. Binigyang –diin ng Institusyon ang mga itinuro Ni Jesus at ang mga resulta ng Kanyang mga turo nang ito ay ginawa sa unang iglesya.

Ang mga balangkas sa kursong ito ay buod lamang ng pangkalahatang nilalaman ng bawa’t aklat ng Biblia. Pagkatapos mong mabuo ang pangkalahatang pagsisiyasat dapat mong balikan at pag-aralan ng mas detalye ang bawa’t aklat. Ang mga balangkas na ito ay pasimula lamang para mapaunlad ang madetalyeng mga tala ng bawa’t aklat ng Biblia. Para magawa mo ito kailangan mong malaman kung paano gumawa ng tamang balangkas.

## **PAGGAWA NG BALANGKAS**

Ang balangkas ay isang paraan ng pag organisang mga tala sa pag-aaral. Ito ay naglalagay ng mga impormasyon sa maikling paraan para magamit sa panghinaharap na ministeryo at pag-aaral. Ang balangkas ay tumutulong sa iyo na “makaring ang iyong mga tainga at tanggapin sa iyong puso” ang Salita Ng Dios ( Ezekiel 3:10). Ang balangkas ay naka sentro sa mga piling paksa. Ang mga paksang ito ang siyang pamagat ng balangkas. Ginamit namin ang pangalan ng mga aklat sa Biblia bilang balangkas sa kursong ito dahil sila ang paksa ng pag-aaral.

Ang pangunahing punto sa balangkas ay nagsasabi ng mga bagay tungkol sa paksa. Mayroon ding mga “sub-points” na nagsasabi ng mga bagay tungkol sa pangunahing mga punto. Ang unlapi na

“sub” ay nangangahulugan na ito ay may kaugnayan (magsabi tungkol sa) sa pangunahing punto. Ang mga ito ay nagbibigay ng madetalyeng impormasyon tungkol sa pangunahing mga punto.

Maraming paraan ng paggawa ng balangkas. Napili namin ang isa na gumagamit ng espesyal na numero na tinatawag na Roman numerals para sa pangunahing mga punto. Kung ikaw ay hindi bihasa sa Roman numerals ang mga talaan ay nakasulat sa “Para sa Dagdag Na Pag-aaral” na bahagi ng kabanatang ito. Ang mga subpoints sa balangkas ay makikita na malaking letra ng alpabeto. Kung mayroong dagdag na mga punto sa ilalim nito, ito ay makikita sa ordinaryong mga bilang.

Pag-aralan ang mga sumusunod na halimbawa ng balangkas:

### **Ang Pamagat Ay Nakalagay Dito**

- I. Ito ang Roman numerals para sa 1 na ginamit sa unang pangunahing punto.
  - A. Ito ay malaking letra na ginamit para sa “subpoint” na may kaugnayan sa pangunahing punto.
    1. Kung mayroong dagdag na “subpoint” na may kaugnayan dito, ito ay may markang bilang 1.
    2. Kung mayroon pang ibang mga punto na may kaugnayan sa “subpoint” A, patuloy na ilagay ang mga ito sa pagkakaayos ayon sa bilang.
  - B. Ang pangunahing punto I ay maaaring mayroong ibang “subpoints.” Kung ganito, patuloy mong ilagay ang susunod na malaking letra ng alpabeto ayon sa pagkakasunod nito. Ang bawa’t isa ay dapat may kaugnayan sa pangunahing punto.
- II. Para magbigay ng iba pang pangunahing punto, gamitin ang sumusunod na Roman numeral.
  - A. Sinusundan ng “subpoints” ang parehong pagkakasunod sa ilalim ng bawa’t pangunahing punto.

### **PAGPAPALAWAK NG MGA BALANGKAS**

Bilang halimbawa kung paano mo mapalalawak ang pangunahing balangkas na ibinigay sa kursong ito, pinili naming ang Roma 12:1-2. Basahin muna ang mga talata:

**Kaya nga, mga kapatid, ipinamamanhik ko sa inyo, alangalang sa mga kahabagan ng Dios, na inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay, banal, na kaayaaya sa Dios, na Siya ninyong katampatang pagsamba.**

**At huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito: kundi magiba kayo sa pamamagitan ng pagbabago ng inyong pagiisip, upang mapatunayan ninyo kung alin ang mabuti at kaayaaya at lubos na kalooban ng Dios. (Roma 12:1-2)**

Narito ang balangkas na nabuo mula sa mga talatang ito:

**Mga Hakbang sa Paghanap Ng Kalooban Ng Dios**

- I. Inyong iharap ang inyong mga katawan na isang haing buhay:
  - A. Banal
  - B. Kaayaaya Sa Dios.
  
- II. Huwag kayong magsiayon sa sanglibutang ito:
  - A. Magiba kayo.
    1. Tayo ay nabago sa pamamagitan ng pagbabago ng ating mga pag-iisip.
  
- III. Ang mga hakbang na ito ay makatutulong sa atin na sumubok o makita ang kalooban Ng Dios na :
  - A. Mabuti.
  - B. Kaayaaya
  - C. Banal.

Makikita mo kung paano ang balangkas na ito ay maliwanag na magbuod ng mga hakbang sa kalooban Ng Dios na ibinigay sa Roma 12:1-2.

Hindi mo kailanman mabubuo ang balangkas ng pag-aaral ng Salita Ng Dios. Bibigyan ka Ng Espiritu Santo ng bagong kaalaman tungkol sa Salita na nais mong idagdag sa iyong mga balangkas.



## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Isulat ang Susing Talata mula sa memorya.

---

---

---

2. Ano ang isang balangkas?

---

---

---

3. Tingnan ang balangkas sa Genesis ng pag-aaral na ito. Mababasa at nauunawaan mo ba ang impormasyon ayon sa balangkas?

---

4. Paano ipinakikita ang pangunahing punto ng isang balangkas?

---

---

---

5. Paano ipinakikita ang “subpoints” sa ilalim ng pangunahing punto?

---

---

(Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa katapusan ng huling kabanata ng manwal na ito).

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Sa mga “subpoints” ka makapagdaragdag ng mga detalye para mapalawak ang simpleng balangkas na ibinigay sa kursong ito. Halimbawa, tingnan ang balangkas sa aklat ni Daniel sa pahina 174. Ang unang pangunahing punto ay may pamagat na “Pambungad na “background”: Ang mga Dahilan ng Kasaganaan ni Daniel” ito ay nasasakupan ng kabanata 1 mga talata 1-21. Basahin ang mga talatang ito at alamin ang mga dahilan ng kanyang tagumpay. Isulat ito bilang “subpoints” sa ilalim ng pangunahing puntong ito.
2. Ang mga sumusunod na listahan ng “Roman numerals” ay makatutulong sa iyo sa paggawa at pagpapalawak ng balangkas:

<u>Mga Bilang</u>	<u>“Roman Numerals”</u>
1	I
2	II
3	III
4	IV
5	V
6	VI
7	VII
8	VIII
9	IX
10	X
11	XI
12	XII
13	XIII
14	XIV
15	XV
16	XVI
17	XVII
18	XVIII
19	XIX
20	XX
30	XXX
40	XL
50	L
60	LX
70	LXX
80	LXXX
90	XC
100	C

# ANG LUMANG TIPAN

## PAMBUNGAD SA MGA AKLAT NG KAUTUSAN

Sa mga nakaraang mga kabanata natutuhan mo na ang Biblia ay nakasulat na Salita Ng Dios. Natutuhan mo na ito ay nahati sa dalawang pangunahing bahagi na tinatawag na Lumang Tipan at Bagong Tipan. Natutuhan mo ang apat na paghahati ng mga aklat ng Lumang Tipan: Batas, Kasaysayan, Tula, Propesiya. Natutuhan mo rin ang apat na paghahati ng mga aklat ng Bagong Tipan: Ebanghelyo “Gospels,” Kasaysayan, Mga Sulat “Letters”, at Propesiya.

Sa aralin na ito simulan mo ang pagsisiyasat ng mga aklat na bumubuo ng pangunahing paghahati na iyong natutuhan. Mayroong 39 ng mga aklat sa Lumang Tipan. Sisimulan natin ang pagsisiyasat sa mga aklat ng Batas:

### ANG MGA AKLAT NG KAUTUSAN

Ang mga aklat ng kautusan na isinulat ni Moises ay sumaklaw sa mga pangyayari sa loob ng 600 mga taon. Ang aklat ng kautusan ay binubuo ng limang mga aklat:

**Genesis:** Nakasulat dito ang pasimula ng mundo, tao, ang araw ng pamamahinga, kasalan, kasalanan, handog, bansa at gobyerno. Nakasulat din ang mga salaysay ng mga tampok na lalaki ng Dios: Abraham, Isaac, Jacob, at Jose.

**Exodo:** Mga detalye kung paano naging bansa ang Israel sa pamumuno ni Moises. Ang Israel ay nakalaya sa pangaalipin ng Egipto, at paglalakbay sa Bundok ng Sinai kung saan ibinigay ang utos Ng Dios.

**Levitico:** Ang aklat na ito ay manwal ng pagsamba ng Israel. Ito ay nagbibigay ng turo sa mga pinuno ng relihiyon at ipinaliliwanag kung paano ang makasalanang tao ay makakalapit sa makatuwirang Dios. Itinuro rin ang pagdating Ni Jesus Cristo bilang Kordero Ng Dios na nakapagaalis ng kasalanan ng sanlibutan.

**Mga Bilang:** Nakasulat dito ang 40 mga taon ng palibut-libot ng Israel sa ilang bilang resulta ng pagsuway Sa Dios. Ang pamagat ng aklat ay galing sa dalawang “ mga bilang” o sensus ng populasyon na kinuha sa panahon ng mahabang paglalakbay.

**Deuteronomio:** Nakasulat ang pagtatapos ng buhay ni Moises at pinagbalik aralan ang utos na ibinigay sa Exodo at Levitico.

# **IKA –LIMANG KABANATA**

## **GENESIS**

### **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Genesis.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Genesis.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Genesis.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Genesis mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Genesis.

### **PAMBUNGAD**

**MAY-AKDA:** Moises

**PARA KANINO:** Israel

**LAYUNIN:** Upang pangalagaan at ingatan ang kasaysayan ng Israel at ang rekord ng paglikha, kasalanan, katubusan, at ang mga unang pakikitungo ng Dios sa tao.

**SUSING TALATA:** Genesis 3:15

**BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO:** Kasama sa plano ng Dios ang lahat ng bansa mula pa sa simula. Ang Dios ang nagsisimula ng mga bagong bagay sa mga tao.

**PANGUNAHING TAUHAN:** Adan, Eva, Cain, Abel, Esau, Jacob (Israel), Enoch, Abraham, Isaac, Jose.

### **BALANGKAS**

I. Ang kasaysayan ng sangkatauhan: 1:1-11:26

- A. Paglikha: 1:1-2:25
- B. Ang kasalanan ng tao: 3:1-24
  - 1. Adan at Eva: 3:1-24
  - 2. Cain at Abel: 4:1-26
- C. Ang lahi mula sa pagbaha: 5:1-32
- D. Ang baha: 6:1-9:29
  - 1. Ang kasamaan ng tao: 6:1-4
  - 2. Ang pasiya Ng Dios 6:5-7
  - 3. Si Noe: 6:8-10

4. Nangusap ang Dios kay Noe: 6:11-21
5. Ang tugon ni Noe: 6:22
6. Nangusap ang Dios kay Noe: 7:1-4
7. Ang tugon ni Noe: 7:5-16
8. Ang buhay sa arko: 7:17-24
9. Paglabas mula sa arko: 8:1-19
10. Ang Tipan ng Dios: 9:1-17
11. Ang lahi ni Noe: 9:18-19
12. Ang kasalanan ng pamilya ni Noe: 9:20-29
- E. Mula sa baha hanggang kay Abraham: 10:1-11:26
  1. Salinlahi ng mga anak ni Noe: 10:1-32
  2. Ang tore ng Babel: 11:1-9
  3. Salinlahi ni Shem: 11: 10-26
  4. Salinlahi ni Terah: 11:27-32

## II. Ang kasaysayan ng patriarka ng Israel: 11:27-50:26

- A. Si Abraham: 11:27-25:10
  1. Pagsilang ni Abraham at pinagmulan: 11:26-30
  2. Ang kanyang palibut-libot: 11:31-13:1
    - (a) Mula sa Ur tungo sa Haran: 11:31-32
    - (b) Mula sa Haran tungo sa Canaan: 12:1-9
    - (c) Tungo sa Egipto at pagbalik: 12:10-13:1
  3. Si Abraham at Lot: 13:2-14:24
    - (a) Pagtatalo at paghahati: 13:2-13
    - (b) Ang pangako Ng Dios kay Abraham: 13:14-18
    - (c) Ang pagkakahuli kay Lot ng mga hari sa silangan: 14:1-24
  4. Ang Tipan: 15:1-20
  5. Ismael: 16:1-16
  6. Pagtutuli: 17:1-27
  7. Ang pangakong anak na lalaki: 18:1-15
  8. Ang Sodoma at Gomorra: 18: 16-19:38
  9. Ang pagbisita ni Abraham kay Abimelec: 20: 1-18
  10. Kapanganakan ni Isaac at pagpapalayas kay Ismael: 21: 1-21
  11. Si Abraham at Abimelec: 21:22-34
  12. Binalak na ihahandog si Isaac: 22: 1-19
  13. Ang pagkamatay at paglilibing kay Sara: 23:1-20
  14. Kasalan nina Isaac at Rebeca: 24: 1-67
  15. Si Abraham at Ceturah: 25:1-6
  16. Pagkamatay at paglilibing kay Abraham: 25:7-10
- B. Si Isaac: 25:11-35:29
  1. Kapanganakan ni Isaac: 21:1-8
  2. Pagaasawa kay Rebeca: 24
  3. Si Isaac at ang kanyang mga anak na lalaki: 25:19-35:29
  4. Ang pagbabago ng tipan: 26:1-5
  5. Ang pandaraya ni Abimelec: 26:6-33

6. Ang kasalan kay Judit at Basemat: 26:34-35
  7. Ang pandaraya ni Jacob kay Isaac: 27:1-45
  8. Ang pagpunta ni Jacob sa Haran: 27:46-28:5
  9. Kamatayan ni Isaac: 35:27-29
- C. Si Jacob: 28: 10-36: 43
1. Kapanganakan ni Jacob: 25: 19-26
  2. Ang labanan nina Jacob at Esau: 25:27-45
    - (a) Ang pagkapanganay: 25: 27-34
    - (b) Ang pagpapala: 27: 1-45
  3. Ang pagpunta sa Haran: 27:46-29:14
  4. Ang kasalan ni Jacob kina Leah at Raquel: 29: 15-30
  5. Buhay sa Haran: 29:31-30:43
  6. Pagbalik sa Canaan: 31: 1-55
  7. Pahahanda sa pakikipagtagpo kay Esau: 32: 1-23
  8. Ang pakikipagtunggali ni Jacob: 32: 24-32
  9. Kapayapaan kay Esau: 33:1-17
  10. Ang pamilya ni Jacob sa Canaan: 33:18-45:28
  11. Ang mga huling araw at kamatayan ni Jacob: 46: 1-50: 14
- D. Si Jose: 37: 1-50:26
1. Ang buhay kabataan ni Jose: 37: 1-36
    - (a) Ang Kanyang balabal: 37:1-4
    - (b) Ang kanyang panaginip: 37: 5-11
    - (c) Ipinagbili si Jose sa Egipto: 37: 12-36
    - (d) Ang kasalanan ng Juda: 38: 1-30
  2. Ang alipin na si Jose: 39: 1-40:23
    - (a) Sa tahanan ni Potiphar: 39: 1-20
    - (b) Sa bilanguan: 39: 21-40:23
  3. Si Jose bilang tagapamahala: 41: 1-45:28
    - (a) Paghahanda sa taggutom: 41:1-57
    - (b) Si Jose at ang kanyang mga kapatid na lalaki: 42: 1-45: 28
    - (c) Si Jose at ang kanyang pamilya sa Egipto: 46: 1-50:21
    - (d) Ang kamatayan ni Jose: 50:22-26

## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Genesis?

---

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Genesis.

---

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Genesis?

---

---

4. Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng ministryo sa aklat ng Genesis?

---

---

---

5. Isulat ang Susing Talata ng Genesis mula sa memorya .

---

---

---

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang ibig sabihin ng pangalan na “Genesis” ay mga pagsimula. Ang aklat na ito ay naglalaman ng mga talaan ng pagsisimula ng :

- Mundo: 1:1-25
- Sangkatauhan: 1:26-2
- Kasalanan: 3:1-7
- Kaligtasan: 3:8-24
- Mga Pamilya: 4:1- 15
- Sibilisasyon: 4:16-9
- Mga Bansa: 10:1-11:32
- Ang Bansang Judio 12:50

2. Ang Genesis ay hinati sa may dalawang pangunahing mga bahagi: Mga Kabanata 1-11 ay nasasakop ang apat na pangunahing pangyayari. Mga kabanata 12-50 ay nasasakop ng apat na pangunahing mga tao.
3. Pag-aralan ang mga kabanata 1-2 at buuin ang sumusunod na tsart:

### Araw

### Ano ang Nilikha Ng Dios

- 1
- 2
- 3
- 4
- 5
- 6
- 7

4. Sa mga kabanata 3-9 ano ang iyong natutuhan sa mga sumusunod:

- Ang mga taktika ng kaaway( Satanas... ang ahas): \_\_\_\_\_
- Ang pagsulong ni Eva sa kasalanan: \_\_\_\_\_
- Ang kabayaran ng kasalanan sa pagkakaroon nito sa mundo: \_\_\_\_\_
- Ang kaparusahan Ng Dios sa pamamagitan ng baha: \_\_\_\_\_

5. Para sa mga kabanata 12-50: Kilalanin ang apat na pangunahing tauhan at pag-aralan nang malalim ang kanilang mga buhay, makakuha ng espirituwal na paglalapat sa iyong buhay. Pag-aralan din ang salitang “ tipan” na ginamit ng malawak sa bahaging ito.



# IKA-ANIM NA KABANATA

## EXODO

### MGA LAYUNIN:

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahang:

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Exodo.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Exodo.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Exodo.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Exodo mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Exodo.

### PAMBUNGAD

MAY-AKDA: Moises

PARA KANINO: Israel

LAYUNIN: Para maisulat ang pagpapalaya ng Israel mula sa pagkaalipin at dokumento ng kanilang layunin kung bakit sila ay naging bansa.

SUSING TALATA: Exodo 12:13

BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO: Matatamo lamang ang kaligtasan sa pamamagitan ng dugo ng Kordero ng Dios, Si Jesus.

PANGUNAHING TAUHAN: Moises, Aaron, Faraon, Miriam, Jethro

### BALANGKAS

- I. Ang Bansang Israel sa Egipto: 1:1-12:36
  - A. Pagkabilanggo sa Egipto: 1: 1-12:36
  - B. Ang Dios ay naglaan ng tagapagligtas: Si Moises: 2:1-4:31
  - C. Ang pakikipag-usap kay Faraon: 5: 1-11: 10
  - D. Ang Paskuwa: 12:1-30
  - E. Pagpapalaya mula sa Egipto: 12:31-36
- II. Ang Israel sa ilang: 12:37-18:27
  - A. Ang pagalis at paghabol ng mga taga Egipto: 12:37-51:21

- B. Ang paglalakbay tungo sa Sinai: 15:22-17:16
- C. Ang pagbisita ni Jethro: 18:1-27

III. Ang Israel sa Sinai: 19:1-40:38

- A. Ang pagbibigay ng batas: 19:1-25
- B. Mga batas tungkol sa moral na pamumuhay: 19-22
- C. Mga batas tungkol sa sosyal na pamumuhay: 22-23
- D. Mga batas tungkol sa pamumuhay relihiyon: 24:1-31:18
- E. Ang tabernakulo: 24:12-40:38
  - 1. Ang disenyo ng tabernakulo: Ang mga utos patungkol sa tabernakulo at mga saserdote: 24:12-31:18
  - 2. Ang pagkaantala ng tabernakulo: Ang gintong guya at ang pagbabago ng tipan: 32:1-34:35
  - 3. Ang pagkatapos ng tabernakulo: Ang pagtatayo ng tabernakulo at institusyon ng pagka-saserdote: 35:1-40:38

## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Exodo?

---

3. Sabihin ang layunin ng aklat ng Exodo.

---

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Exodo?

---

---

4.Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng ministeryo sa aklat ng Exodo?

---

---

---

5. Isulat ang Susing Talata ng Exodo.

---

---

---

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang Dios ay nagbigay ng sampung salot sa Egipto habang si Faraon ay pumayag na palayain ang Israel mula sa pagkaalipin:

- Dugo: 7:14-25
- Mga palaka: 8:1-15
- Kuto: 8:16-19
- Langaw : 8:20-32
- Baka: 9:1-7
- Mga Bukol: 9:8-12
- Granizo: 9: 13-35
- Balang: 10:1-20
- Kadiliman: 10:21- 29
- Kamatayan: 11:1-10, 12:29-36

2. Nakasulat sa Exodo 20:1-7 ang kilalang batas sa Lumang Tipan, ang Sampung Utos.

3. Ang isa sa pinakamahalagang paksa sa aklat ng Exodo ay ang plano para sa tabernakulo. Ang krokis sa susunod na pahina ay nagpapakita ng plano na ibinigay Ng Dios kay Moises para sa banal na lugar sa pagsamba.

**Ang tabernakulo** ay mahalaga dahil ito ang lugar ng sambahan at paghahandog para sa Israel, subalit ito rin ay may kauriang espirituwal. Ang ibig sabihin nito, ang bawat bahagi ng tabernakulo ay simbolo ng dakilang katotohanang espirituwal.

**Ang patyo** na naka palibot sa tabernakulo ay may sukat na 150 piye at 75 piye. Ito ay simbolo ng mundo.

**Ang dambana ng handog na susunugin** ay 7 1/2 piye bawat kuwadrado at 4 1/2 piye ang taas. Ang mga handog ay sinusunog dito bilang simbolo ng pagsasakripisyo Ni Jesus para sa kasalanan ng mundo.

**Ang hugasan na tanso** ay isang malaking hugasan kung saan ang saserdote ay naghuhugas ng kanilang mga kamay at paa bago pumasok sa Banal na Dako. Ito ay simbolo ng bautismong Kristiyano.

**Ang Banal na dako** ay may sukat na 30 by 15 piye. Ito ay simbolo na ang iglesya ay nakahiwalay sa mundo ( ang patyo) at napasok sa pamamagitan ng sakripisyo Ni Cristo ( ang altar) at bautismo (ang hugasan).

**Ang dulang** ay simbolo ng Banal na Hapunan (o komunyon, ang tawag ng ilang mga denominasyon).

**Ang kandelerro** ay nagbibigay liwanag sa Banal na Dako. Ito ay simbolo ng Salita ng Dios.


**Ang dambana ng kamangyan** ay lugar kung saan sinusunog ang insenso. Ang matamis na amoy ng usok na pumapailanlang sa Dios ay simbolo ng mga panalangin ng Kanyang mga anak.

**Ang belo** ay kurtina sa pagitan ng Banal na Dako at ang Kabanal-banalang Dako. Ito ay simbolo ng paghihiwalay ng Dios at tao

**Ang Kabanal-banalang Dako** ay 15 piye ang lapad at taas. Ito ay ganap na hugis kubo at ito ay simbolo ng langit. Dito nananahan ang presensiya Ng Dios.

**Ang Kaban ng Tipan** ay yari sa kahoy na nababalutan ng ginto. Ito ay may desenyong takip na gintong kerubin. Laman nito ang Sampung Utos na simbolo ng gobyerno Ng Dios, isang platong manna na nagpapaala-ala ng probisyon Ng Dios, at baston ni Aaron na nagpapaala-ala ng kapangyarihan Ng Dios sa Kanyang mga anak. Minsan sa isang taon ang saserdote ay nagwiwisik sa ibabaw ng kaban ng dugo na simbolo ng dugo Ni Jesus kung saan naalis ang ating mga kasalanan.

### Ang Tabernakulo



1. Ang patyo.
2. Ang dambana ng handog na susunugin
3. Ang hugasan na tanso
4. Ang Banal na dako
5. Ang dulang
6. Ang kandelerero
7. Ang dambana ng kamangyan
8. Ang belo sa pagitan ng Banal na Dako at Kabanal-banalang Dako
9. Ang Kabanal-banalang Dako
10. Ang Kaban ng Tipan

## Mga Araw na Pangilin

Pag-aralan ang mga reperensiya sa unang hanay at buuin ang tsart. Ginawa ang una para iyong panundan. Ito ang mga araw ng pangilin na itinakda Ng Dios para sundin ng bansang Israel.

<u>Mga talata</u>	<u>Araw ng Pangilin</u>	<u>Petsa</u>	<u>Layunin kung bakit ginagawa</u>
Levitico 23:3 Exodo 20: 8-11 Deuteronomio 5:12-15	Araw ng pamamahinga	ika 7 araw kada Linggo	Pamamahinga mula sa pag- gawa; pagsamba
Levitico 23:5 Mga Bilang 28: 16 Deuteronomio 16:1-2	Paskua	1/14	
Levitico 23:6-8 Mga Bilang 28:17-25 Deuteronomio 16: 3-8	Tinapay na walang lebadura	1/15-21	
Levitico 23: 9-14 Exodo 34:22 Mga Bilang 28:26-31	Unang Bunga	1/16	
Levitico 23:15-22 Exodo 34:22 Deuteronomio 16:9-12	Pentecostes (Pag-aani; Mga Linggo)	3/6	
Levitico 23:23-25 Mga Bilang 29:1-6	Pakakak	7/1	
Levitico 23:26-32 Levitico 16 Mga Bilang 29:7-11	Araw ng Pagtubos	7/10	
Levitico 23:33-44 Mga Bilang 29:12-40 Deuteronomio 16:13-15	Mga Tabernakulo	7/15-21	
Levitico 25:1-7 Exodo 23:10-11	Sabbath na Taon	Tuwing ikapitong taon	
Levitico 25:8-55	Kaligayahan/Jubilee	Tuwing ika limangpung taon	

# **IKA-PITONG KABANATA**

## **LEVITICO**

### **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na :

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Levitico.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Levitico.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Levitico.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Levitico mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Levitico.

### **PAMBUNGAD**

**MAY-AKDA:** Moises

**PARA KANINO:** Israel

**LAYUNIN:** Para maipakita sa Israel kung paano mamuhay bilang banal na bansa na may pagkakaisa sa Dios at ihanda sila na paratingin ang planong katubusan Ng Dios sa ibang bansa.

**SUSING TALATA:** Levitico 20:7

**BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO:** Hinihingi ng Dios ang kabanalan sa Kanyang mga Anak.

**PANGUNAHING TAUHAN:** Moises, Aaron

### **BALANGKAS**

- I. Mga batas patungkol sa mga handog: 1:1-7:38
  - A. Pambungad: 1:1-2
  - B. Ang handog na susunugin: 1:3-17
  - C. Ang handog na kakanin: 2: 1-16
  - D. Ang handog na pangpayapa: 3:1-17
  - E. Ang handog para sa kasalanan: 4: 1-5:13
  - F. Ang handog sa pagkakamali: 5:14-17
  
- II. Mga batas at pangyayari na may kaugnayan sa mga saserdote: 8-10
  - A. Mga tagubilin para sa pagtatalaga: 8: 1-9:24
  - B. Pagpaparusa para sa paglabag: 10:1-20

- III. Mga Batas ng paglilinis: 11: 1-15:33
  - A. Malinis at di malinis na pagkain: 11:1-47
  - B. Paglilinis pagkatapos ng panganganak: 12: 1-8
  - C. Ketong: 13:1-14:57
  - D. Ang pagkamarumi at paglilinis: 15: 1-33
  
- IV. Ang Araw ng Pagsisisi: 16: 1-34
  - A. Ang paghahanda ni Aaron: 16:1-10
  - B. Ang handog para sa kasalanan ng mga saserdote: 16:11-14
  - C. Ang handog para sa kasalanan ng mga tao: 16:15-19
  - D. Ang sangkalan/scapegoat: 16:20-22
  - E. Ang pagkabuo ng handog: 16: 23-28
  - F. Ang kadakilaan ng araw: 16:29-34
  
- V. Ang alituntunin ng kabanalan: 17:1-27: 34
  - A. Mga pagbabawal: 17: 1-22:33
    - 1. Kabanalan na maykinalaman sa mga tao: 17:1-20:27
    - 2. Kabanalan na maykinalaman sa mga saserdote: 21:1-22:33
  - B. Mga Kapistahan ng relihiyon: 23: 1-44
    - 1. Araw ng pamamahinga: 23:1-3
    - 2. Paskua at Tinapay na walang lebadura: 23:4-14
    - 3. Pista ng mga sanglinggo o Pentecostes: 23:15-22
    - 4. Pista ng mga pakakak: 23:23-25
    - 5. Araw ng Pagsisisi: 23:25-32
    - 6. Pista ng tabernakulo: 23:33-44
  - C. Mga simbolo ng relihiyon: 24:1-23
  - D. Ang Sabbath na taon at kaligayahan/ jubilee: 25: 1-26:2
  - E. Mga pangako at mga babala: 26: 3-44
    - 1. Ang pangangailangan ng tamang relasyon Sa Dios: 26:1-2
    - 2. Ang mga pagpapala sa pagsunod Sa Dios: 16:1-2
    - 3. Ang parusa sa pagsuway: 26: 14-39
    - 4. Ang katapatan Ng Dios sa Kanyang tipan: 26:40-45
    - 5. Ang buod ng salaysay: 26:46
  - F. Mga pangako at ikapo: 27: 1-34
    - 1. Mga pangako sa mga tao: 27:2-8
    - 2. Mga pangako sa mga hayop: 27: 9-13
    - 3. Mga pangako sa mga bahay at bukid: 27: 14-25
    - 4. Ang ikapo: 27:30-33
      - (a) Una mula sa mga halimaw: 27:26-27
      - (b) Itinalagang mga bagay: 27: 28-29
      - (c) Ang mga ikapo: 27:30-33



## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Levitico?

---

2.Sabihin ang layunin ng aklat ng Levitico.

---

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Levitico?

---

---

4.Sabihin ang Buhay at prinsipyo ng ministryo sa aklat ng Levitico?

---

---

---

5. Isulat ang Susing Talata ng Levitico mula sa memorya .

---

---

---

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Pag-aralan ang salitang “banal” sa Levitico. Ito ay ginamit ng mahigit sa 100 beses. Ang iba pang susing salita ay “sakripisyo/ handog” ginamit ng 42 beses, “ saserdote” ginamit ng 189 beses, at ang “dugo” ay ginamit ng 86 beses.
2. Ang pamantayan ng kabanalan na inilarawan sa Levitico ay patungo sa Dios (vertical) at patungo sa tao (horizontal). Sa mensahe ng mga kabanatang 1-10 ito ay pataas (“Ako ay Banal”) at ang mensahe sa mga kabanatang 11-27 ay patungo sa tao (“ Magpakabanal kayo”).

Ako  
Ay  
Banal  
Mga banata 1-10

-  
-  
Magpakabanal Kayo  
Mga kabanata 11:27

3. Narito ang limang magkakaibang uri ng handog na inilarawan sa Levitico. Ang unang tatlong handog ay sinimulan para mapanatili ang pakikiisa “fellowship” sa Dios. Ang huling dalawa ay para mapanumbalik ang nasirang pakikiisa “fellowship.”

<u>Handog</u>	<u>Kabanata kung saan nasimulan</u>	<u>Detalye ng Batas</u>
Sinusunog	1	6:8-13
Pagkain	2	6:14-23
Kapayapaan	3	7:11-34
Kasalanan	4	6:25-30
Pagkakamali	5:1-6:7	7:1-7

4. Ang bilang pito (7) ay may malaking kahulugan sa aklat ng Levitico:
  - Tuwing ika-pitong (7) araw ay Sabbath.
  - Ang dugo ay iwinisik ng pitong (7) beses sa tabernakulo.
  - Tuwing ika-pitong (7) taon ay “Sabbatic year”.
  - Tuwing ika-pitong (7) taon ng “ Sabbatic year” ay sinusundan ng “Jubilee year”.
  - Tuwing ika-pitong (7) buwan ay natatanging banal, mayroong tatlong pista.
  - Mayroong pitong (7) linggo sa pagitan ng Paskua at Pentecostes.
  - Ang pista ng Paskua ay natatapos sa ika-pitong (7) araw.
  - Ihiwalay ang maruming tao ng pitong (7) araw.
  - Ang Pista ng Tabernakulo ay natatapos sa ika-pitong (7) araw.
  - Tuwing Paskua, labing apat (14) na kordero (2x7) ay inihahandog araw-araw.
  - Tuwing Pentecostes pitong (7) kordero ang inihahandog.
  - Sa pista ng tabernakulo labing apat (14) na kordero ang inihahandog araw-araw.

# **IKA-WALONG KABANATA**

## **MGA BILANG**

### **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na :

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Mga Bilang.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Mga Bilang.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Bilang.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Mga Bilang mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Mga Bilang.

### **PAMBUNGAD**

**MAY-AKDA:** Moises

**PARA KANINO:** Israel

**LAYUNIN:** Mga talaan ng karanasan sa paglalakbay sa ilang, na uri ng kabiguan ng Kristiyano

**SUSING TALATA:** Mga Bilang 32: 23

**BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO:** Ang Dios ay hindi nalulugod sa anumang bagay na walang buong pagtatalaga.

**PANGUNAHING TAUHAN:** Moises, Korah, Balaam, Aaron. Miriam, Josue, Caleb

### **BALANGKAS**

- I. Paghahanda sa pagalis mula sa Sinai: 1:1-10:10
  - A. Binilang ang mga tao: 1:1-54
  - B. Inayos ang kampo: 2:1-34
  - C. Tinuruan ang mga saserdote at Levitico: 3:1-4:49
  - D. Ang mga tao ay pinangalagaan: 5: 1-31
  - E. Ang sumpa ng mga Nazareo: 6: 1-27
  - F. Mga kaloob ng mga prinsipe: 7: 1-89
  - G. Ang pagsindi ng mga ilawan sa tabernakulo: 8:1-4
  - H. Paglilinis sa mga Levitico: 8:5-26
  - I. Ang pagdaraos ng Paskua: 9; 1-14
  - J. Patnubay ng kampo: 9: 15-23
  - K. Ang pagtawag sa kapulungan at pagalis ng kampo: 10:1-10

- II. Ang paglalakbay mula sa Bundok ng Sinai tungo sa Kadesh- Barnea: 10: 11-12:15
  - A. Tawag para maglakbay: 10: 11-28
  - B. Tumanggi si Hobab sa paglilingkod: 10: 29-32
  - C. Ang nagpapatuloy na ulap: 10: 34-36
  - D. Ang maapoy na paghuhukom: 11:1-3
  - E. Ang pagrereklamo ng mga tao: 11:4-9
  - F. Ang nagalit na propeta: 11: 10-15
  - G. Ang nakamamatay na pagkain: 11: 31-34
  - H. Ang nagdurusang kapatid na babae: 12:1-15
  
- III. Ang Israel sa Kadesh- Barnea: 13: 1-14:45
  - A. Nagpadala ng tiktik sa lupain: 13: 1-25
  - B. Ang ulat at tugon: 13:26-14:10
  - C. Ang paghuhukom Ng Dios: 14: 11-34
  
- IV. Mga pangyayari sa paglalakbay sa ilang: 20:1-35:34
  - A. Ang pagbato sa sumuway sa “Sabbath”: 15:32-36
  - B. Ang paghihimagsik ni Kore: 16:1-32
  - C. Ang pamumulaklak ng tungkod ni Aaron: 17:1-13
  - D. Ang turo kay Aaron: 18: 1-19:22
  - E. Ang kamatayan ni Miriam: 20:1
  - F. Ang kasalanan ni Moises: 10:1-13
  - G. Ang kahilingan ay tinanggihan: 20:14-22
  - H. Ang kamatayan ni Aaron: 20:23-29
  - I. Mga ahas sa kalagitnaan ng mga tao: 21: 5-9
  - J. Ang masamang propeta: 22: 1-24:25
  - K. Ang matapat na saserdote: 25: 1-18
  - L. Iba pang mga turo: 26: 1-31: 54
  - M. Ang paghahati-hati sa Silangan ng Jordan: 32: 1-42
  - N. Mga tala ng paglalakbay mula sa Egipto: 33:1-56
  - O. Mga tagubilin bago pumasok sa Canaan: 34: 1-36:13

## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Mga Bilang?

---

4. Sabihin ang layunin ng aklat ng Mga Bilang.

---

---

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Mga Bilang?

---

4. Sabihin ang Buhay at prinsipyo ng ministryo sa aklat ng Mga Bilang?

---

---

---

5. Isulat ang Susing Talata ng Mga Bilang mula sa memorya.

---

---

---

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang pagpapalit ng pinuno sa Israel ay nangyari sa Mga Bilang. Si Josue ang pumalit kay Moises bilang political na pinuno at si Eleazar ang pumalit kay Aaron bilang pinuno ng relihiyon: Basahin ang Mga Bilang 27: 15-23 at 20: 23-29.
2. Ang kamatayan at pagkabuhay na muli Ni Jesus ay inilarawan sa Mga Bilang, bilang ahas at tungkod: 21: 5-9: 17:8
3. Ang sumunod na tsart ay talaan ng mga resulta ng dalawang "pagbibilang" o sensus sa Isarel:

<u><b>Tribo</b></u>	<u><b>Unang sensus</b></u>	<u><b>Ikalawang sensus</b></u>
Ruben	46,500	43,730
Simon	59,300	22,200
Gad	45,650	40,500
Judah	74,600	76,500
Issachar	54,400	64,300
Zebulun	57,400	60,500
Ephraim	40,500	32,500
Manasseh	32,200	52,700
Benjamin	35,400	45,600
Dan	62,700	64,400
Asher	41,500	53,400
Naphtali	53,400	45,400
<b>Kalahatan</b>	<b>603,550</b>	<b>601,730</b>

4. Ipinakikita ng krokis na ito ang ayos ng kampo ng tribo ng Israel na may kaugnayan sa tabernakulo.

**Norte/Hilaga**

X									X
X	Asher		Dan					Naphtali	X
X									X
X		X X							X
X	Benjamin	X		X				Issachar	X
X		X	Merarites		X				X
X		X			X				X
X	Ephraim	X	Gershonites	Moses	X				X
X		X		Aaron	X		Judah		X
X		X	_____	Saserdote	X				X
X		X			X				X
X		X	Tabernakulo		X				X
X		X	_____		X				X
X		X			X				X
X		X	Kothathites		X				X
X	Manasseh	X X					Zebulun		X
X									X
X	Gad		Reuben				Simeon		X
X									X
X X									X

**Timog**

# **IKA-SIYAM NA KABANATA**

## **DEUTERONOMIO**

### **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ng kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na :

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Deuteronomio.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Deuteronomio.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Deuteronomio.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Deuteronomio mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Deuteronomio.

### **PAMBUNGAD**

**MAY-AKDA:** Moises

**PARA KANINO:** Israel

**LAYUNIN:** Masabing muli ang batas sa mga bagong henerasyon ng Israel na ipinanganak mula sa bundok ng Sinai.

**SUSING TALATA:** Deuteronomio 6: 4-5

**BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO:** Ang pagsunod ay magdadala ng pagpapala at ang pagsuway ay magdadala ng paghuhukom.

**PANGUNAHING TAUHAN:** Moises, Josue, Balaam, Amalek, Miriam

### **BALANGKAS**

- I. Unang sermon ni Moises: Makasaysayan 1:1-4
  - A. Pambungad na Makasaysayan: 1:1-5
  - B. Pagbabaliktanaw sa paglalakbay mula Horeb hanggang Moab: 1:6-3:29
  - C. Ang panawagan sa bagong henerasyon para panatilihin ang utos: 4:1-40
  - D. Salaysay sa pagbibigay ng bayan na tanggulan: 4:41-43
  - E. Buod ng batas ni Moises: 4:44-49
  
- II. Ikalawang sermon ni Moises: Legal 5:1-26:19
  - A. Inulit ang sampung utos: 5:7-21



- B. Siya ay nagbabala laban sa imoralidad (23:17); makompromiso (7:1-5); at pangkukulam; 18:9-14
  - C. Inilarawan ni Moises ang Canaan: 8:7-8
  - D. Ginunita niya ang kanyang personal na karanasan sa Dios sa bundok ng Sinai: 9:9-21
  - E. Pinaalalahanan niya sila ng pinansiyal na obligasyon nila sa Dios: 26: 1-19
  - F. Mga Batas tungkol sa pananamit: (22:50); diborsiyo (24:1-4); karapatan ng babae ( 21:10-17; 22:13-20); at pakikipaglaban (20:1-20) ay ibinigay.
  - G. Ibinuod niya ang plano Ng Dios: 6:23
- III. Ikatlong sermon ni Moises: Prophetic: 27: 1-30:20
- A. Nakasulat na mga batas sa bato, at mga pagpapala at mga sumpa: 27:1-26
  - B. Hula ng mga pagpapala at mga sumpa: 28:1-68
  - C. Pangangaral sa kabanalan: 29:1-30: 20
- IV. Makasaysayang apendise: 31:1-34: 12
- A. Huling pananalita ni Moises at pagtatalaga kay Josue: 31:1-30
  - B. Ang awit at pangaral ni Moises: 32:1-47
  - C. Ang huling salita ng Dios kay Moises: 32: 48-52
  - D. Pangwakas na pagpapala ni Moises sa tribo: 33: 1-29
  - E. Ang kamatayan at libing ni Moises: 34:1-12

## PANSARILING PAGSUSULIT

5. Lagyan ng marka ang “ mapagmataas o palalo.” Buoin kung ano ang katulad niya at kung sino ang kabaliktaran niya. Ang Santiago 4 ay nagsasabi na tinatanggihan Ng Dios ang mapagmataas.
6. Lagyan ng marka ang bawat paggamit ng salitang “ kapighatian” at obserbahan kung sino ang makakaranas ng kapighatian., at ano ang mangyayari kung ito ay dumating. Mayroon ka ba na maiaangkop dahil sa iyong istilo ng buhay? Kung mayroon, magsisi.

# **IKA-TATLUMPU'T PITONG KABANATA**

## **ZEFANIAS**

### **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na :

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Zefanias.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Zefanias.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Zefanias.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Zefanias mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Zefanias.

### **PAMBUNGAD**

**MAY-AKDA:** Zefanias

**PARA KANINO:** Israel

**LAYUNIN:** Magbabala sa Israel at sa lahat ng mga bansa sa paghuhukom Ng Dios.

**SUSING TALATA:** Zefanias 3:17

**BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO:** Makapangyarihan Ang Dios na magligtas.

**PANGUNAHING TAUHAN:** Zefanias

### **BALANGKAS**

I. Pambungad: 1:1-3

- A. Ang mensahero: 1:1
- B. Ang buod ng mensahe: 1:2-3

II. Ang pagtingin sa loob: 1:4-2:3

- A. Ang katotohanan ng paghuhukom: 1:4-14
  - 1. Paghuhukom sa apat na uri ng sumasamba: 1:4-7
  - 2. Paghuhukom sa makasalanan at sa bawat ranggo : 1:8-13

B. Ang likas at resulta ng paghuhukom: 1:14-18



1. Ito ay malapit nang dumating: 1:14
  2. Kahit ang malakas ay ibababa: 1:14
  3. Madilim na kapighatian, wasak, kalungkutan: 1:15-16
  4. Kapighatian, dugo, bangkay na parang basura: 1;17
  5. Walang pagpapalaya: 1;18
  6. Araw ng galit Ng Panginoon: 1:2-3
- C. Ang pangalan ng paghuhukom: Araw Ng Panginoon: 2:1-3
- D. Pag-asa sa paghuhukom: 2:3
- III. Ang pagtingin sa kapaligiran: Ang paghuhukom ay darating sa lahat ng bansa: 2:4-3:7
- A. Siyudad ng Filisteo: 2:4-7
  - B. Moab at Ammon: 2:8-11
  - C. Etiopia: 2:12
  - D. Ang Asiria at ang kapitolyo nito, Nineve: 2:13-15
  - E. Paghuhukom sa Jerusalem: 3:1-7
    1. Pansinin ang kalagayan ng Jerusalem:
      - (a) Marumi, pangaapi, punongpuno ng karumihan: 3:1
      - (b) Masuwayin: 3:2
      - (c) Masamang pinunong sekular: 3:3
      - (d) Masamang pinunong espirituwal: 3:4
    2. Pansinin ang kahabagan Ng Dios: 3:5-7
- IV. Ang pagtingin sa kabila: Pagkatapos ng paghuhukom, ang kagalingan ay darating: 3:8-20
- A. Ang layunin Ng Dios ay nangyari na : 3:8
  - B. Mula sa mga pagano, ang labi Ng Dios ay darating: 3:9-10,12-13
  - C. Paghuhukom sa mga dating kalaban Ng Dios: 3:9-13
  - D. Ang Mesias Ng Israel ay nagpakilala bilang Hari: 3:14-20

## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Zefanias?

---

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Zefanias.

---

---

---

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Zefanias?

---

---

4. Sabihin ang Buhay at prinsipyo ng ministeryo sa aklat ng Zefanias.

---

---

---

5. Isulat ang Susing Talata ng Zefanias mula sa memorya.

---

---

---

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang titulong “ang Hari ng Israel” ay ginamit para Sa Dios ng dalawang beses lamang sa Biblia. Ginamit ito ni Zepanias sa Lumang Tipan (3:15). Ginamit ito ni Natanael sa Lumang Tipan, isang disipolo Ni Jesus ( Juan 1:49).
2. Tinawag ni Zepanias ang paghuhukom na “ang araw ng Panginoon.” Pitong beses niya ginamit ang titulong ito. (Tingnan ang 1:7,8,14, 18; 2:2-3.)

Narito ang ating natutuhan tungkol sa araw ng Panginoon:

- Ito ay malapit na : 1:4, 7,14
- Kahit ang malakas ay ibababa: 1:14
- Ito ay panahon ng kadiliman, malaking pagkatakot, poot, kalungkutan: 1:15
- Ito ay oras ng hudyat: 1:16
- Ang paghuhukom ay darating sa kasalanan: 1:17
- Ito ay maykasamang tanda ng likas: 1:15
- Ito ay araw ng galit Ng Panginoon: 1:2-3
- Ito ay mararanasan ng lahat ng nilikha: 2:1-15; 3:8

# **IKA-TATLUMPU'T WALONG KABANATA**

## **HAGAI**

### **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na :

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Hagai.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Hagai.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Hagai.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Hagai mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Hagai.

### **PAMBUNGAD**

**MAY-AKDA:** Hagai

**PARA KANINO:** Israel, pagkatapos ng pagtatapon; natatangi ang mga Hudyo na bumalik mula sa Jerusalem.

**LAYUNIN:** Magbigay ng inspirasyon sa mga Israel sa bagong kasigasigan para Sa Dios at ipagbigay alam sa mga pinuno na kanilang responsibilidad na muling itatag ang templo ng pananambahan.

**SUSING TALATA:** Hagai 1:5

**BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO:** Ang pagtatayo ng Kaharian Ng Dios ang dapat atupagin ng mga tunay na mananampalataya

**PANGUNAHING TAUHAN:** Hagai

### **BALANGKAS**

I. Unang mensahe: Isang tawag na muling pagtatayo ng templo (ibinigay sa unang araw ng ikaanim na linggo) 1:1-15

- A. Ang petsa: 1:1
- B. Ang mensahe: 1:2-11
  - 1. Ang pagpapaliban ng mga tao: 1:2-4
  - 2. Ang mga resulta nito: 1:5-11
- C. Ang tugon ng mga tao: 1:12-15
  - 1. Pagsunod at takot Sa Panginoon: 1:12
  - 2. Ang gawa ng pagpapasigla: 1:13

3. Nagsimula ang paggawa: 1:14
4. Ang petsa: 1:15

II. Ikalawang mensahe: Propesiya sa templo ng isanglibong taon na magiging mas dakila sa templo na kanilang ginawa ngayon ( ibinigay sa ika dalawampu at isang araw (21) ng ikapitong buwan) 2:1-9

- A. Petsa: 2:10
- B. Ang mensahe: 2:2-9
  1. Pinaghambing ang templo: 2:2-3
  2. Ang tugon sa pagkahina ng loob: 2:4-5
  3. Ang pandaigdigang pagyanig at kaluwalhatian ng templo sa bandang huli: 2:6-9

III. Ikatlong mensahe: Pangko sa pangkasalukuyang pagpapala sa muling pagtatayo ng templo (ibinigay sa ikadalawampu't apat (24) na araw ng ikasiyam na buwan) 2:10-19

- A. Ang Petsa: 2:10
- B. Ang mensahe: Ang kasalanan ay nakakahawa: 2: 11-19
  1. Ang saserdote ay tinanong: 2: 11-13
  2. Ang pagsasagawa: 2: 14-19

IV. Ika-apat na mensahe: Propesiya para sa panghinaharap na pagkawasak ng kapangyarihan ng Hentil na mundo (ibinigay sa ika-dalawampu't apat (24) na araw ng ikasiyam na buwan) 2:20-23

- A. Ang petsa: 2:20
- B. Ang mensahe: 2:21-23
  1. Lumupig sa kapangyarihan ng lupa: 2:21-22
  2. Zorobabel ang singsing: 2:23

## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Hagai?

---

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Hagai.

---

---

---

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Hagai?

---

---

4. Sabihin ang Buhay at prinsipyo ng ministeryo sa aklat ng Hagai.

---

---

---

5. Isulat ang Susing Talata ng Hagai mula sa memorya.

---

---

---

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Basahin ang Hagai 1:9 para Makita kung bakit hindi pinagpala Ng Dios ang Israel.
  2. Espirituwal na katotohanan sa Hagai:
    - Ang gawa Ng Dios ang prioridad sa lahat.
    - Hinihiling ng gawa ng Dios ang malinis na mga instrumento.
    - Ang gawa Ng Dios ay nakaugnay sa plano Ng Dios para sa lahat ng bansa.
    - Ang kabutihan ay hindi nakakahawa, subalit ang kasamaan ay nakakahawa.
  3. Ikaw ay templo ng Espirtu Santo. Gamitin ang katotohanan ng Hagai sa iyong personal na buhay. Nagbigay ka ba ng maraming atensiyon at panahon sa iyong personal na mga gawain at napabayaan ang mga bagay tungkol Sa Dios na mahalaga para ipangalat ang Ebanghelyo at maisulong ang Kanyang gawain?
  4. Lagyan ng marka ang bawat reperensiya na tungkol sa “ ang salita ng Panginoon na dumating kay propeta Hagai” at “ ang salita ng Panginoon na dumating kay Hagai ang propeta.” Ang bawat paglitaw ng mga pariralang ito ay nagsisimula ng mensahe. Makatutulong ito na makita mo ang estruktura ng Hagai.
  5. Para sa kasaysayang pangyayari ng Hagai basahin ang Ezra 4:24-6:22.
  6. Sinabi Ng Dios sa Israel, “gagawin kitang singsing” ( Hagai 2;23). Ang singsing ay kadalasang selyo ng pangako. Ito ay ginagamit din na tanda ng paggalang at sagisag ng maharlikang kapangyarihan. Si Cristo ay “tanda” ng Dios na kung saan Kanyang itinatak sa lahat ng mga mananampalataya ang Kanayng larawan at isinugo sa atin ang Kanyang kapangyarihan.
  7. Gamitin ang mga turo ni Hagai tungkol sa gawa sa hindi tapos na gawain ng iglesya para abutin ang mundo ng Ebanghelyo. Isipin ang mga bagay na ito:
    - Ang gawain na ito ay dapat unahin kaysa ibang mga obligasyon.
    - Hinihiling ng misyon na ito ang malinis na instrumento.
    - Ang gawain na ito ay nakaugnay sa plano Ng Dios sa mga lalaki at mga bansa.
  8. Kung si Hagai ay personal na sumusulat sa iyo tungkol sa kung paano mo tinutupad ang Dakilang Utos, ano sa palagay mo ang kanyang sasabihin?
- 
-

# **IKA-TATLUMPU'T SIYAM NA KABANATA**

## **ZAKARIAS**

### **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na :

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Zakarias.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Zakarias.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Zakarias.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Zakarias mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Zakarias.

### **PAMBUNGAD**

**MAY-AKDA:** Zakarias

**PARA KANINO:** Israel

**LAYUNIN:** Magbigay ng inspirasyon sa Israel na tapusin ang templo.

**SUSING TALATA:** Zakarias 13:1

**BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO:** Namamahala Ang Dios sa mga gawain ng tao at mga bansa.

**PANGUNAHING TAUHAN:** Zakarias

### **BALANGKAS**

- I. Pambungad natawag sa pagsisisi: 1:1-6
- II. Mga propesiya sa pangitain: 1:7-6:8
  - A. Ang lalaki sa gitna ng mga punong Mirto: 1:7-17  
(Ang Israel ay itinakwil subalit hindi kinalimutan Ng Dios.)
  - B. Ang apat na sungay: 1:18-21  
(Ang paglupig sa Israel ng kanyang mga kalaban.)
  - C. Ang lalaking may panukat: 2:1-13  
(Ang kasaganaang darating sa Jerusalem.)
  - D. Si Josue ang punong saserdote: 3:1-10  
(Inalis Ni Jesus ang kasalanan ng Israel, ang sanga.)
  - E. Ang ilawan at ang dalawang puno: 4:1-14



- (Ang Israel ang panghinaharap na tagadala ng –ilaw.)
1. Ang unang tanong at pagpapaliwanag: 4:1-10
  2. Ang ikalawang tanong at pagpapaliwanag: 4:11-14
- F. Ang kasulatang lumilipad: 5:1-4  
(Ang masamang gobyerno ay isinumpa Ng Dios)
- G. Ang babaeng nasa takalan: 5:5-11  
( Ang kasamaan ay inalis sa banal na pakpak)
- H. Apat na karwahe: 6:1-8  
(Mga paghuhukom Ng Dios.)
- III. Mga propesiyang nakakapagpaliwanag: 6:9-8:23
- A. Ang mga hudyong bumalik : 6L9-15
  - B. Mga kapalaluan ng mga tao: 7: 1-8:23
    1. Ang mabilis na araw ng Israel at pagsunod sa Salita: 7: 1-17
      - (a) Okasyon ng propesiya: 7:1-3
      - (b) Ang pag-aayuno ay di-kailangan, subalit kailangan ang pakikinig: 7:4-7
    2. Ang unang kalahati ng tugon Ni Jesus sa tanong ng pag-aayuno: 7:8-14
      - (a) Ano ang hinihingi ng Dios sa mga ama: 7:8-10
      - (b) Ang pagtanggig ng mga ama: 7:11-14
    3. Ang ikalawang kalahati ng tugon Ni Jesus: 8:1-23
      - (a) Ang oras ng pagtubos: 8:1-8
      - (b) Ang mensahe ng paghimok: 8:9-17
      - (c) Pag-aayuno napalitan ng pagsasaya: 8:18-23
- IV. Direktong mga propesiya: 9:1-14:21
- A. Ang unang propesiya: Ang unang pagdating at pagtanggig Kay Jesus: 9-1-11:17
    1. Pagbagsak ng paganong mundo at pagpapalaya sa Sion: 9:10
    2. Mabuti at masamang mga pastol: 11:1-17
      - (a) Ang napahiyang lupa: 11:1-3
      - (b) Ang mabuting pastol: 11:4-14
      - (c) Ang hangal na pastol: 11:15-17
  - B. Ang ikalawang propesiya: Ang ikalawang pagparito at pagtanggap Kay Jesus: 12:1-14:21
    1. Ang panghinaharap na pagpapalaya at pagkahikayat ng Israel: 12:1-13:9
      - (a) Pagpapalaya sa Jerusalem at Israel: 12:1-9
      - (b) Ang espiritu ng pagpapala at pananangis: 12:10-14
      - (c) Ang bukal ng pagpapala para sa kaligtasan: 13:1-6
    2. Ang pagbabalik ni Jesus: 14:1-21
      - (a) Paghuhukom at pagpapalaya: 14:1-5
      - (b) Ganap na kaligtasan; 14:6-11
      - (c) Pagkawasak ng mga kalaban na bansa: 14:12-15
      - (d) Pagkahikayat ng mga paganong bansa: 14:16-19
      - (e) Inalis ang lahat ng hindi banal: 14:20-21

## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Zakarias?

---

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Zakarias.

---

---

---

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Zakarias?

---

---

4. Sabihin ang Buhay at prinsipyo ng ministeryo sa aklat ng Zakarias.

---

---

---

5. Isulat ang Susing Talata ng Zakarias mula sa memorya.

---

---

---

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang aklat ng Zakarias ay nagbigay ng maraming impormasyon tungkol sa ministryo ng mga anghel. Tingnan ang mga kabanatang 1 at 2.
2. Katulad ng aklat ng Job, ang aklat ni Zakarias ay nagbibigay ng sulyap sa langit para makita ang paghaharap sa pagitan Ng Dios at ni Satanas. Tingnan ang Job 1 at 2 at Zakarias 3:1-5.
3. Ilan sa mga katotohanan tungkol Kay Jesus ay inilahad sa Zakarias:
  - Pagsugo sa Kanya: 2:8-11
  - Ang pangkasalukuyang gawain Niya: 3:1-2
  - Ang Kanyang pagmamalasakit sa Jerusalem: 1:12
  - Ang Kanyang titulo: 6:12
  - Ang Kanyang templo: 6:13
  - Ang Kanyang matagumpay na pagpasok sa Jerusalem: 9:9
  - Ang pagkakanulo sa Kanya: 11:12
  - Ang Kanyang pagpapako sa krus: 12:10; 13:7
  - Ang huling pagkilala sa Kanya ng Israel: 12:1
  - Ang pagpapakita Niya sa Bundok ng Sion: 14:4
  - Ang pagsamba sa Kanya ng lahat ng mga bansa: 14:16
  - Ang Kanyang tagumpay sa Armagedon: 14:3
4. Ilan sa mga katotohanan tungkol sa siyudad ng Dios ay inihayag sa Zakarias:
  - Siyudad ng katotohanan: 8:3
  - Pinalilibutan Ng kaluwalhatian Ng Dios: 2:5
  - Puno ng mga bata: 8:5
  - Binisita ng lahat ng bansa:8:20-23
  - Minsan muling nilusob ng kalaban: 12:2; 14:2
  - Ang kanyang mga kalaban ay nasira: 12:9; 14:12-14
  - Ang mga mamamayan ay nakikilala Ang Mesias: 12:10
  - Puno ng kabanalan ng Dios: 14:21

# **IKA-APATNAPUNG KABANATA**

## **MALAKIAS**

### **MGA LAYUNIN:**

Pagkatapos pag-aralan ang kabanatang ito ikaw ay may kakayahan na :

- Masabi kung sino ang may akda ng aklat ng Malakias.
- Kilalanin kung para kanino isinulat ang aklat ng Malakias.
- Sabihin ang layunin ng aklat ng Malakias.
- Isulat ang Susing Talata ng aklat ng Malakias mula sa memorya.
- Sabihin ang Buhay at Prinsipyo ng Ministeryo sa aklat ng Malakias.

### **PAMBUNGAD**

**MAY-AKDA:** Malakias

**PARA KANINO:** Israel

**LAYUNIN:** Upang tawagin ang bansa na magsisi at bumalik sa katuwiran.

**SUSING TALATA:** Malakias 2:2

### **BUHAY AT MGA PRINSIPYO NG MINISTERYO:**

Pagsisisi (ugali) + Pagbalik ( gawa) = Panunumbalik

Parehong ugali (pagsisisi mula sa kasalanan) at gawa (pagbalik Sa Dios) ay kinakailangan para sa kapatawaran (panunumbalik sa katuwiran sa harapan Ng Dios).

**PANGUNAHING TAUHAN:** Malakias

### **BALANGKAS**

- I. Pambungad: 1:1-5
  - A. Ang mensahero: 1:1
  - B. Ang mensahe: 1:1
  - C. Ang tatanggap ng mensahe: Israel 1:1
  - D. Ang pag-ibig Ng Dios sa Israel: 1:2-5
    1. Si Esau at Jacob: 1:2-3
    2. Ang Dios at ang Edom: 1:4-5
- II. Ang mensahe sa saserdote: 1: 6-2:9

- A. Ang kanilang pagkukulang sa mga obligasyon sa relihiyon: 1:6-2:4
  - 1. Kawalan ng halaga ng mga handog: 1:6-14
  - 2. Mas mabuting isara ang templo kaysa gumawa ng walang kabuluhang pagsamba: 1:9-10
  - 3. Superyor na paglilingkod sa gitna ng mga Hentil: 1:11
  - 4. Kapaguran sa pagsamba: 1:12-13 kabaliktaran ng kakilakilabot na pagsamba sa 1:11.
  - 5. Ang sumpa Ng Dios: 1:14-2:4
- B. Ang maling pagtuturo nila sa batas: 2:5-9
  - 1. Ang tipan sa mga levita at ulirang saserdote: 2:5-7
  - 2. Ang mga saserdoteng lumihis ang turo at ang kanilang kahihyan: 2:8-9
- III. Ang mensahe sa mga karaniwang tao na Hudyo: 2:10-4:3
  - A. Ang utos sa paglililo: 2:10-16
  - B. Babala sa paghuhukom: 2:17-3:6
    - 1. Ang kanilang mga tanong: 2:17
    - 2. Ang apoy ng Dios na nagpapakinis: 3:1-3
    - 3. Pagdalisay sa saserdote at mga tao: 3:3-5
    - 4. Ang Dios ay hindi nagbabago: 3:6
  - C. Tawag sa pagsisisi: 3:7-12
    - 1. Ang kawalan ng katapatan ng mga tao at ang sumpa Ng Dios: 3:7-9
    - 2. Ang gantimpala Ng Dios sa kanilang paggalang at katapatan: 3:10-12
  - D. Dakilang sakdal sa kasalanan: 3:13-4:3
    - 1. Reklamo: 3:13-15
    - 2. Paghihiwalay ng matuwid sa masama: 3:16-18
    - 3. Magsabi ng pagkasira ng masama: 4:1
    - 4. Pagtataas at pagluwalhati sa mga matuwid: 4:2-3
- IV. Pagtatapos na babala: 4:4-6
  - A. Sundin ang batas ni Moises: 4:4
  - B. Abangan ang ikalawang pagparito Ni Jesus: 4:5-6

## PANSARILING PAGSUSULIT

1. Sino ang may-akda ng aklat ng Malakias?

---

2. Sabihin ang layunin ng aklat ng Malakias.

---

---

3. Para kanino isinulat ang aklat ng Malakias?

---

---

4. Sabihin ang Buhay at prinsipyo ng ministeryo sa aklat ng Malakias.

---

---

5. Isulat ang Susing Talata ng Malakias mula sa memorya.

---

---

---

( Ang mga sagot sa pagsusulit ay nakasulat sa pagtatapos ng huling kabanata ng manwal na ito.)

## PARA SA DAGDAG NA PAG-AARAL

1. Ang aklat ng Malakias ay naglalaman ng ilang mga susing talata:
  - Ang pinakakilalang talata sa Lumang Tipan tungkol sa pagbibigay: 3:8-10
  - Ang pinakamagandang talaarawan sa lahat ng panahon: 3:16
  - Ang nag-iisang talata na tinawag ang mga mananampalataya na hiyas: 3:17
  - Ang nag-iisang aklat sa Lumang Tipan na nagsabing pagbabalik ni Elias para magministeryo sa panahon ng kapighatian: 4:5
2. Mahirap na matanggap ng isang tao na tunay siyang nagkasala. Pansinin kung paano ang mga tao ay nakipagtalo sa paghuhukom ng Dios sa aklat ng Malakias. “Kung saan” ang susing salita na sinusundan ng pagtatalo ng mga tao: 1:2,6,7; 2:17; 3:7,8,13
3. Pansinin ang pinakamahalagang lugar ng pagsubok ng ministro:1:6-2:9
4. May ilang “masdan” na dapat pansinin sa aklat na ito:
  - Narito Aking sisirain at tatanggihan ang pagsamba: 2:3
  - Narito aking ipadadala ang Aking mensahero (Juan Bautista): 3:1
  - Narito ang mundo ay masusunog: 4:1
  - Narito Si Elias ay Aking isusugo: 4:5
5. “Ang aklat ng Dios ng Alaala”: Tingnan ang Exodo 32:32; Mga Awit 56:8; 69:28; 139:16; Ezekiel 13:9; Daniel 7:10; 11:1; Filipos 4:3; Apocalipsis 20:12
6. Kahit karamihan sa mga propeta ay nabuhay at nag propesiya sa mga araw ng pagbabago at marahas na pagbabago ng politika, Si Malakias ay nabuhay sa walang pangyayari at naghihintay ng panahon kung saan Ang Dios ay parang nakalimutan ang Kanyang mga anak na nagdurusa sa kahirapan at pagsakop ng dayuhan sa Juda. Ang araw ng himala ay parang lumampas kasama nina Elias at Eliseo. Ang templo ay hindi natapos at walang mahalagang nangyari na nagpapakita ng presensiya Ng Dios ay bumalik para punuin ng kaluwalhatian katulad ng propesiya ni Ezekiel (Ezekiel 43:4).Ipinagpatuloy ng mga tao ang kanilang tungkulin sa relihiyon ng walang kasigasigan. Sa tutoo, ang pangako na ibinigay ay may kondisyon at ang mga tao ay hindi naaabot ang mga kahilingan Ng Dios para matanggap nila ang mga pagpapala. Ang propesiya ni Malakias ay magpapakita sa atin ng hirap at pagsubok sa paghihintay ng panahon ng buhay. Higit na mahalaga, ipinakita niya sa atin kung paano ang daan pabalik sa tunay na pananampalataya Sa Dios na hindi nagbabago (3:6); na nag-iimbita sa tao na bumalik sa Kanya (3:7); at hindi kailanman nakakalimot sa mga tumutugon (3:16).

# MGA SAGOT SA PANSARILING PAGSUSULIT

## UNANG KABANATA:

1. Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan Ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa ikatututo na nasa katuwiran:

Upang ang tao Ng Dios ay maging sakdal, tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti. ( II Timoteo 4:16)

2. Ang ibig sabihin ng salitang “ Biblia” ay “mga aklat.”
3. Ang ibig sabihin ng salitang “ kasulatan“ ay “ banal na kasulatan.”
4. Lumang Tipan at Bagong Tipan.
5. 66
6. Batas, kasaysayan, panulaan, propesiya.
7. Ebanghelyo, kasaysayan, mga sulat, propesiya.
8. Ang ibig sabihin ng salitang “ testamento” “tipan.”
9. Para sa doktrina, pagsansala, pagsaway,sa ikatututo sa katuwiran. ( II Timoteo 3:16-17)
10. Ang Biblia ay hindi naglalaman ng pagsasalungat at nagkakaisa sa pangunahing paksa.
11. Ang Biblia ay iba’t ibang klase.
12. a.T; b. T; c. M; d. M; e. M
13. Jesus. Lucas 24:44-48.

## IKALAWANG KABANATA:

1. Nagbibigay ng salita ang Panginoon: Ang mga babaeng nangaghahayag ng mga balita ay malaking hukbo. (Mga Awit 68:11).

2. Ang salin ay isinulat ang Biblia sa ibang salita kakaiba sa salita na ginamit sa orihinal na pagkakasulat ng Salita Ng Dios.

3. Ang pagsasalin sa ibang wika ay pagsasalin ng bawat salita sa Griego, Hebreo, at Aramaic na mga salita. Ang “ paraphrase” ay hindi pagsasalin ng bawat salita. Ito ay pagsasalin ng kaisipan.

4. Ang King James na pagsasalin.



5. Dahil walang dalawang salita na magkaparehong magkapareho, kaya may pagkakaiba kung isinasalin.

6. Hebreo, Aramaic, at Griego.

### **IKATLONG KABANATA:**

1. Datapuwa't huwag ninyong kalimutan mga minamahal, ang isang bagay na ito, na ang isang araw sa Panginoon ay katulad ng isang libong taon , at ang isang libong taon ay katulad ng isang araw. ( II Pedro 3:8)

2. k, l, c, d, e, g, f, j, h, i, b, a

3. Saan

4. Kailan

5. Ang “Biblical Archeological” ay pag-aaral ng mga labi na natagpuan sa lugar na pinagmulan ng Biblia. Ito ay siyensiya na nakalikom ng kaalaman sa panahon ng Biblia mula sa pag-aaral ng mga nakitang labi ng kanilang sibilisasyon.

6. Ang “Biblical geography” ay pag-aaral kung saan naganap ang mga pangyayari sa Biblia.

### **IKA-APAT NA KABANTA:**

1. Bukod dito'y sinabi niya sa akin, Anak ng tao, lahat ng aking mga salita na aking sasalitain sa iyo ay tanggapin mo sa iyong puso, at dinggin mo ang iyong mga pakinig. ( Ezekiel 3:10)

2. Ang balangkas ay isang paraan ng pag oorganisa ng mga talaan. Inilalagay dito ang buod ng mga impormasyon para magamit sa hinahrap na pag-aaral sa ministeryo.

3. Kung nahihirapan kang intindihin ang balangkas, pagbalik-aralan ang pagtuturo sa paggawa ng balangkas na ibinigay sa kabanatang ito.

4. Ang pangunahing punto ay may tanda sa balangkas na ginamit ang “Roman numeral”.

5. Ang “sub points” ay may tanda na ginamit ang malaking titik ng letra ng alpabeto.

### **IKA-LIMANG KABANATA:**

1. Moises

2. Para maingatan ang “historical background” ng Israel at ang talaan ng paglikha, kasalanan, pagtubos, at ang unang pakikitungo Ng Dios sa tao.

3. Israel.

4. Kasama ang lahat ng bansa sa plano Ng Dios noon pa man. Ang Dios ay nagsisimula ng bagong mga bagay sa mga tao.

5. At papag-aalitin ko ikaw at ang babae, at ang iyong binhi at ang kaniyang binhi : Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kaniyang sakong. ( Genesis 3:15)

#### **IKA –ANIM NA KABANATA:**

1. Moises.

2. Para itala ang pagpapalaya sa Israel mula sa pagkalipin at maitala ang kanilang layunin kung bakit sila naging bansa.

3. Israel.

4. Ang kaligtasan ay mararanasan lamang sa pamamagitan ng dugo ng Kordero Ng Dios, Si Jesus.

5. At ang dugo ay magiging sa inyo’y isang tanda sa mga bahay na inyong kinaroroonan: at pagka aking nakita ang dugo, ay lalampasan ko kayo, at walang salot na sasainyo, na papatay sa inyo, pananakit ko sa lupaing Egipto.( Exodo 12:13)

#### **IKA-PITONG KABANATA:**

1. Moises.

2. Para ipakita ang Israel kung paano mamuhay na isang bansang banal na may “fellowship” Sa Dios at ihanda sila na maibahagi ang plano ng katubusan ng plano ng Dios sa lahat ng mundo.

3. Israel.

4. Hinihiling ng Dios ang kabanalan sa Kanyang mga anak.

5. Magpakabanal nga kayo at kayo’y maging banal; sapagka’t ako ang Panginoon ninyong Dios. (Levitico 20:7)

#### **IKA-WALONG KABANATA:**

1. Moises

2. Naisulat ang mga karanasan sa paglalakbay sa ilang na siyang uri ng talunang Kristiyano.

3. Israel

4. Ang Dios ay hindi nalulugod sa anumang walang buong pagtatalaga.

5. Nguni't kung hindi ninyo gagawing ganito ay, narito kayong nagkasala laban sa Panginoon: at talastasin ninyo na aabutin kayo ng inyong kasalanan.

**IKA-SIYAM NA KABANTA:**

1. Moises

2. Para sabihin na muli ang batas para sa bagong lahi ng Israel na ipinanganak simula pa sa Bundok ng Sinai.

3. Israel

4. Ang pagsunod ay nagdadala ng pagpapala. Ang pagsuway ay nagdadala ng paghuhukom.

5. Dinggin mo oh Israel: ang Panginoon nating Dios ay isang Panginoon: At iyong iibigin ang Panginoon mong Dios ng iyong boong puso, at ng boong kaluluwa, at ng iyong boong lakas.

**IKA-SAMPUNG KABANATA:**

1. Josue

2. Maitala ang kasaysayan ng pananakop ng Canaan.

3. Israel

4. Walang moral o espirituwal na tagumpay na walang pagkikipaglaban.

5. At kung inakala ninyong masama na maglingkod sa Panginoon, ay piliin ninyo sa araw na ito kung sino ang inyong paglilingkuran; kung ang mga Dios ng inyong mga magulang na pinaglilingkuran sa dako roon ng ilog, o ang dios ng mga Amorrheo na ang lupain nila ang inyong tinatahanan: nguni't sa ganang akin at ng aking sangbayanan ay maglilingkod kami sa Panginoon. ( Josue 24:15)

**IKA-LABING ISANG KABANATA:**

1. Samuel.

2. Talaan ng kasaysayan ng mga pangunguna ng mga hukom na dumating sa pagtatapos ng aklat ng Josue.

3. Israel.

4. May dakilang batayan ang pagpaparusa na desenyong Ang Dios para ang mga anak niya ay bumalik mula sa kasalanan tungo sa kaligtasan.

5. Nang mga araw na yaon ay walang hari sa Israel: bawa't tao'y gumagawa ng minamatuwid niya sa kaniyang sariling mga mata. (Mga Hukom 17:6)

### **IKA-LABING DALAWANG KABANATA:**

1. Hindi kilala ang may-akda.

2. Naisulat bilang bahagi ng kasaysayan ng Israel para ilarawan ang malasakit Ng Dios sa Kanyang mga anak. Inilarawan din dito ang relasyon Ni Jesus bilang "kinsman-redeemer".

3. Israel.

4. Mapapalitan Ng Dios ang kapaitan ng pagpapala.

5. At sinabi ni Ruth, huwag mong ipamanhik na kita'y iwan, at bumalik na humiwalay sa iyo: sapagka't kung saan ka pumaroon, ay paroroon ako: at kung saan ka tumigil, ay titigil ako: ang iyong bayan ay magiging aking bayan, at ang iyong Dios ay aking Dios.

Kung saan ka mamatay, ay mamamatay ako, at doon ako ililibing; hatulan ako ng Panginoon at lalo na, maliban ang kamatayan ang maghiwalay sa iyo at sa akin. (Ruth 1:16-17)

### **IKA-LABING TATLONG KABANATA:**

1. Samuel

2. Para ipagpatuloy ang talaan ng pakikitungo Ng Dios sa Kanyang mga anak.

3. Israel.

4. Ang pagsunod sa Dios ay higit na mahalaga sa pagsasakripisyo.

5. At sinabi ni Samuel, Nagtataglay kaya ang Panginoon ng napakadakilang pagkatuwa sa mga handog na susunugin at mga hain, na gaya sa pagsunod ng tinig ng Panginoon? Narito ang pagsunod ay maigi kay sa hain, at ang pagdinig kay sa taba ng mga tupang lalake.

Sapagka't ang paghihimagsik ay gaya ng kasalanan ng panghuhula, at ang katigasan ng ulo ay gaya pagsamba sa mga diosdiosan at sa mga terap. Sapagka't dahil iyong itinakwil ang salita Ng Panginoon, ay kaniya naming itinakwil ka upang huwag ka nang maging hari. (I Samuel 15:22-23)

6. Ipagpatuloy ang talaan ng kasaysayan ng pakikitungo Ng Dios sa Kanyang mga anak.

7. Israel

8. Ginagawa Ng Dios ang Kanyang mga plano sa mga masunurin sa Kanya sa kabila ng mga kahinaan ng mga tao.

9. Kaya't Ikaw ay dakila, oh Panginoong Dios: sapagka't walang gaya Mo , o may ibang Dios pa bukod sa Iyo. Ayon sa lahat ng aming naririnig ng aming mga pakinig.

At anong bansa sa lupa ang gaya ng Iyong bayan, gaya ng Israel na tinubos ng Dios sa kaniyang sarili na pinakabayan, at upang gawin Niya sa kaniyang isang pangalan, at upang igawa kayo ng mga dakilang bagay, at ng mga kakilakilabot na mga bagay ang iyong lupain, sa harap ng iyong bayan na iyong tinubos para sa iyo mula sa Egipto, mula sa mga bansa at sa kanilang mga dios.

#### **IKA-LABING APAT NA KABANATA:**

1. Hindi kilala ang may-akda. Posible si Jeremias.
2. Para ipagpatuloy ang talaan ng pakikitungo ng Dios sa kanyang mga anak, Israel.
3. Israel.
4. Ang pagkompromiso ay maaaring madali subalit palagi itong may malaking kabayaran sa huli.
5. Gayon ma'y iiwan ko'y pitong libo sa Israel, lahat na tuhod na hindi nagsiluhod kay Baal, at lahat ng bibig na hindi nagsihalik sa kaniya.(I Mga Hari 19:18)
6. Ipagpatuloy ang pagtatala ng pakikitungo Ng Dios sa Kanyang mga Anak
7. Israel
8. Ang kaharian ng mundong ito ay panandalian lamang: Ang mga ito ay titindig at babagsak ayon sa pangangasiwa Ng Dios.
9. At nangyari, nang sila ay makatawid na sinabi ni Elias kay Eliseo, Hingin mo kung ano ang gagawin ko sa iyo. At sinabi ni Eliseo, Isinasamo ko sa iyo na , na ang ibayong bahagi ng iyong diwa ay sumaaakin.

At sinabi niya na ikaw ay humingi ng mabigat na bagay; gayon may kung makita mo ako pagka ako'y inihiwalay sa iyo, magiging gayon sa iyo; ngunit kung hindi ay hindi magiging gayon (II Mga Hari 2:9-10)

#### **IKA-LABINGLIMANG KABANATA:**

1. Hindi Kilala. Posibleng si Ezra
2. Pagtala ng kasaysayan ng relihiyon ng Juda.
3. Israel

4. Kung Ang Dios ay naitataas ang Kanyang mga anak ay mapagpapala.
5. Iyo, Oh Panginoon ang kadakilaan, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, at ang pagtatagumpay, at ang karangalan: sapagkat ang lahat na nangasa langit at nangasa lupa ay Iyo, Iyo ang kaharian, Oh Panginoon, at Ikaw ay nataas na pangulo sa lahat. (I Cronica 29: 11)
6. Pagtatala ng kasaysayan ng relihiyon ng Juda.
7. Israel
8. Ang mga pagpapala Ng Dios ay darating kung tayo ay magpapakumbaba at hahanapin Siya.
9. Kung ang Aking bayan na tinawag sa pamamagitan ng Aking pangalan ay magpapakumbaba at dumalangin, at hanapin ang Aking mukha, at talikuran ang kanilang masamang mga lakad; Aking ngang didinggin sa langit, at ipatatawad ko ang kanilang kasalanan, at pagagalingin ko ang kanilang lupain. (II Cronica 7:14)

#### **IKA-LABINGANIM NA KABANATA:**

1. Ezra
2. Talaan ng pagbabalik ng Israel mula sa pagkakatapon at pagtatayong muli ng templo ng Jerusalem.
3. Israel
4. Ang pagbabalik at pagpapanumbalik ay pangunahing prinsipyo ng pagsisisi.
5. At ang anak ni Israel , ang mga saserdote, at ang mga Levita, at ang mga nalabi sa mga anak sa pagkabihag, ay nangagdiwang ng pagtatalaga ng bayan na ito ng Dios na may kagalakan. (Ezra 6:16)

#### **IKA-LABINGPITONG KABANATA:**

1. Nehemias
2. Pagpapatuloy ng kasaysayan ng Israel.Talaan ng muling pagtatayo ng pader ng Jerusalem.
3. Israel
4. Walang pagkakataon kung walang oposisyon. Ang pananampalatayang walang gawa ay patay.

5. At ako'y nagsugo ng mga sugo sa kanila, na nangagsasabi, Ako'y gumagawa ng dakilang gawain, na anupa't hindi ako makababa: bakit ititigil ang gawain, habang aking maiiwan, at binababa kayo? (Nehemias 6:3)

### **IKA-LABINGWALONG KABANATA:**

1. Hindi kilala
2. Pagpapatuloy ng kasaysayan ng Israel. At muling bilangin ang tulong ng Dios sa Kanyang mga anak.
3. Sa mga Hudyo na nangalat sa buong Persia
4. Kinakatagpo Ng Dios ang mga krisis ng buhay sa pamamagitan ng tao na Kanyang inilaan.
5. Sapagka't ikaw ay lubos na tumatahimik sa panahong ito, ay magtataglay nga ng katiwasayan at kaligtasan ang mga Judio sa ibang dako, nguni't ikaw at ang sambahayan ng iyong magulang ay mapapahamak: at sinong nakakaalam na kung kaya ka pinasapit sa kaharian ay dahil sa bagay na ito? ( Esther 4:14)

### **IKA-LABINGSIYAM NA KABANATA:**

1. Hindi kilala
2. Ang aklat na ito ay nakikipagbuno sa tanong, na "Bakit nagdurusa ang mga matuwid?"
3. Hindi tinukoy kung para kanino ang aklat na ito subalit ito ay nababagay sa lahat ng mga nagdurusang mananampalataya.
4. Mayroong espirituwal na dahilan kung bakit nagdurusa ang matuwid. Ang pagdurusa ay hindi nangangahulugan na Ang Dios ay hindi natutuwa.
5. Ngunit talastas ko na manunubos sa akin ay buhay, At siya'y tatayo sa lupa sa kahulihulihan:

At pagkatapos na magibang ganito ang aking balat, Gayon ma'y makikita ko Ang Dios sa aking laman:

Siyang makikita ko ng sarili, At mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba. Ang aking puso ay natutunaw sa loob ko. ( Job 19: 25-27)

Nguni't nalalaman niya ang daan aking nilalakaran; Pagka kaniyang nasubok ako ay lalabas akong parang ginto. (Job 23:10)

### **IKA-DALAWAMPUNG KABANATA:**

1. Si Haring David ang may-akda ng karamihan sa Mga Awit.

2. Israel, subalit ang aklat ay ginagamit para sa debosyon, panalangin, at pagpupuri ng mga mananampalataya sa buong siglo.
3. Ang aklat ng Mga Awit ay kilala bilang imnong aklat ng Israel. Ang ibig sabihin ng salitang “Mga Awit” ay mga awit para sa saliw ng mga instrumentong panugtog na may kuwerdas.” Ito ang panalangin at papuring aklat ng Biblia.
4. Ang panalangin, pagpupuri , pamamagitan, at pagtanggap ng kasalanan ang lahat ng ito ay bahagi ng tunay na pagsamba.
5. Oh magsiparito kayo, tayo/y magsiawit sa Panginoon: Tayo’y magkaingay na may kagalakan sa malaking bato na ating kaligtasan. (Mga Awit 95:1)

**IKA-DALAWAMPU’TISANG KABANATA:**

1. Solomon
2. Ang mga ito ay nakasulat sa Mga Kawikaan 1:1-6
3. Israel, subalit ang mga katotohanan para sa praktikal na pamumuhay ay magagamit ng lahat ng mananampalataya
4. Ang karunungan mula sa itaas ay kinakailangan para sa pamumuhay sa kapwa. Ang Mga Kawikaan ay pag-iipon ng mga matalinong prinsipyo na ibinigay Ng Dios sa tao ( pataas) para pangunahan ang pamumuhay sa iba (pahalang).
5. Mapalad ang tao na nakakasumpong ng karunungan, At ang tao na nagtatamo ng kaunawaan. ( Mga Kawikaan 3:13)

**IKA-DALAWAMPU’TDALAWANG KABANATA:**

1. Solomon
2. Ang larawan ng pakikibaka sa buhay na malayo Sa Dios.
3. Israel at sa pangkalahatang mananampalataya na may natatanging tuon sa mga kabataan.
4. Ang buhay na malayo Sa Dios ay walang –halaga.
5. Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot Sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos; sapagka’t ito ang boong katungkulan ng tao. ( Ecclesiastes 12:13)

**IKA-DALAWAMPU’T TATLONG KABANATA:**

1. Solomon



2. Para ipakita ang kaugnayan sa pagitan Ni Jesus at ng Iglesya bilang pagpapakita kung ano ang relasyon ng mag-asawa.

3. Sa Israel at sa lahat ng mga mananampalataya.

4. Ang banal na halimbawa ng pag-ibig sa pagitan ng lalaki at sa kanyang asawa ang halimbawa ng kaugnayan sa pagitan Ni Jesus at ng Iglesya.

5. Ang maraming tubig ay hindi makapapatay sa pagsinta, Ni mapauurong man ng mga baha; kung ibigay ng lalaki ang lahat na laman ng kaniyang bahay dahil sa pagsinta, Siya'y lubos na kukutyain. (Ang Awit Ng Mga Awit 8:7)

#### **IKA-DALAWAMPU'T APAT NA KABANATA:**

1. Isaias

2. Pagtutuwid at panunumbat

3. Juda

4. Ang paghihimagsik ay umaakay sa paghihiganti. Ang pagsisisi ay umaakay sa panunumbalik.

5. Tayong lahat na gaya ng mga tupa ay naligaw; tayo ay tumungo bawa't isa sa kaniyang sariling daan; at ipinasan sa kaniya ng Panginoon ang kasamaan nating lahat. (Isaias 53: 6)

#### **IKA-DALAWAMPU'T LIMANG KABANATA:**

1. Jeremias

2. Para bigyan ng babala ang darating na paghuhukom sa pagkabihag at tawag sa pagsisisi

3. Juda

4. Ang pagkasira at pambansang kalamidad ay kadalasang dulot ng pagsuway Sa Dios.

5. Nguni't sinabi sa akin Ng Panginoon, Huwag mong sabihin, Ako'y bata: sapagka't saan man kita susuguin ay paroroon ka, at anomang iutos ko sa iyo ay sasalitain mo.

Huwag kang matakot dahil sa kanila; sapagka't ako'y sumasaiyo upang iligtas kita, sabi ng Panginoon. (Jeremias 1:7-8)

#### **IKA-DALAWAMPU'T ANIM NA KABANATA:**

1. Jeremias

2. Para magbunga ng pagsisisi na kinakailangan sa espirituwal na panunumbalik.
3. Mga Hudyo na nabihag sa Babilonia.
4. Ang Dios ay parehong tapat sa paghuhukom at kahabagan.
5. Sa mga kaawaan nga ng Panginoon ay hindi tayo nalipol, sapagka't ang kaniyang mga habag ay hindi nauubos.

Ang mga yao'y bago tuwing umaga; dakila ang iyong pagtatapat.(Panaghoy 3:22-23)

**IKA-DALAWAMPU'T PITONG KABANATA:**

1. Ezekiel
2. Nagbabala si Ezekiel sa darating na pagkabihag, at siya ay nagpropesiya sa mga bihag pagkatapos na ito ay naganap.
3. Juda
4. Ang Panginoon ang nag-ayos ng mga kasaysayan ng mga pangyayari para malaman ng mga bansa na Siya ay Dios.
5. At ako'y humahanap ng lalake sa gitna nila, na makagagawa ng bakod, at makatatayo sa sira sa harap ko dahil sa lupain, upang huwag kong ipahamak; nguni't wala akong nasumpungan. (Ezekiel 22: 30)

**IKA-DALAWAMPU'T WALONG KABANATA:**

1. Daniel
2. Para ipakita na ang Dios ang namamahala sa mga gawain ng tao.
3. Sa mga Hudyong bihag
4. Ang Dios ang pinakamakapangyarihan at iginagalang niya ang mga gumagalang sa Kanya.
5. At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man. ( Daniel 12:3)

**IKA-DALAWAMPU'T SIYAM NA KABANATA:**

1. Oseas
2. Para ihanda ang Israel sa kanyang makasalanang kalagayan at ibalik muli siya Sa Dios.

3. Hilagang Kaharian ng Israel

4. Ang karanasan ay nagpapayaman ng pagkaunawa at pagmamahal.

5. Dinggin ninyo ang salita ng Panginoon... sapagka't ang Panginoon ay may pakikipagkaalit sa mga mananahan sa lupain, sapagka't walang katotohanan, ni kaawaan man, ni kaalaman man tungkol Sa Dios sa lupain. (Oseas 4:1)

### **IKA-TATLUMPUNG KABANATA:**

1. Joel

2. Para paalalahanan ang Juda sa kanilang kasalanan at ipakita na kailangan silang magsisi at ipaalam ang panghinaharap na plano Ng Dios para sa bansa. Ang unang paghuhukom (1:2-2:17) ay susundan ng higit na paghuhukom (2:18-3:21).

3. Juda

4. Kahit sa panahon ng pagtutuwid sa pamamagitan ng paghuhukom, plano Ng Dios na pagpalain ang Kanyang mga anak sa panghinaharap.

5. At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip. Ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain.

At sa mga lingkod na lalake at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na yaon ang aking Espiritu. (Joel 2:28-29)

### **IKA-TATLUMPU'T ISANG KABANATA:**

1. Amos

2. Para tawagin na bumalik ang Israel Sa Dios.

3. Israel

4. Hanggang ngayon ang tawag sa mga bansa ay “ Maghanda na makatagpo Ang Dios.”

5. Kaya't ganito ang gagawin Ko sa iyo, Oh Israel; at yamang Aking gagawin ito sa iyo, humanda kang salubungin mo ang iyong Dios, Oh Israel. (Amos 4:12)

### **IKA-TATLUMPU'T DALAWANG KABANATA:**

1. Obadias

2. Para magbabala sa kaparusahan Ng Dios sa kasalanan.

3. Edom

4. Ibinababa Ng Dios ang makasalanan na dinadakila.

5. Bagaman ikaw ay pailanglang sa itaas na parang aguila, at bagaman ang iyong pugad ay malagay sa gitna ng mga bituin, Aking ibababa ka mula roon , sabi Ng Panginoon. (Obadias 1:4)

### **IKA- TATLUMPU'T TATLONG KABANATA:**

1. Jonas

2. Ang layunin ay hindi lamang para mag ebanghelyo sa Nineve, subalit para maging ebidensiya sa Israel na ang kaligtasan ay hindi lang para sa mga Hudyo.

3. Nineve

4. Ang kaligtasan ay hindi nalilimitahan ng lahi, kultura, o ibang mga hadlang: “Ang sinumang tatawag sa pangalan Ng Panginoon ay maliligtas.” ( Roma 10:31)

5. At ang salita Ng Panginoon ay dumating kay Jonas sa ikalawa, na nagsasabi, Bumangon ka, pumaroon ka sa Nineve, sa malaking bayang yaon, at ipangaral mo ang pangaral na Aking iniutos sa iyo. (Jonas 3:1-2)

### **IKA- TATLUMPU'T APAT NA KABANATA:**

1. Mikas

2. Isang tawag ng pagsisisi para maiwasan ang paghuhukom.

3. Israel at Juda

4. Hinuhusgahan Ng Dios ang mga nang-aapi sa Kanyang mga anak.

5. Kaniyang ipinakilala sa iyo , Oh tao , kung ano ang mabuti; at ano ang hinihingi Ng Panginoon sa iyo, kundi gumawa na may kaganapan, at ibigin ang kaawaan, at lumakad na may kababaan na kasama ng iyong Dios. (Mikas 6:8)

### **IKA-TATLUMPU'T LIMANG KABANATA:**

1. Nahum

2. Para magbabala sa paghuhukom ng Nineve, ang kapitolyo ng imperyo ng Asiria na binilanggo ang mga anak Ng Dios.

3. Nineve

4. Magingat, Ang Dios ay naghihiganti sa masama.

5. Ang Panginoon ay mapanibughuing Dios at nanghihiganti; ang Panginoon ay nanghihiganti at puspos ng kapootan; Ang Panginoon ay nanghihiganti sa Kanyang mga kaaway, at siya'y nagtataan ng kapootan sa Kaniyang mga kaaway. (Nahum 1:2)

### **IKA-TATLUMPU'T ANIM NA KABANATA:**

1. Habacuc

2. Gisingin ang Juda sa kanilang espirituwal na mga pangangailangan at magbabala sa napipintong paghuhukom mula Sa Dios.

3. Juda

4. Ang matuwid ay mabubuhay sa pananampalataya.

5. Oh Panginoon, aking narinig ang kagitingan mo , at ako'y natakot: Oh Panginoon, buhayin mo ang iyong gawa sa gitna ng mga taon; Sa gitna ng mga taon iyong ipabatid; Sa kapootan ay alalahanin mo ang kaawaan. (Habacuc 3:2)

### **IKA-TATLUMPU'T PITONG KABANATA:**

1. Zefanias

2. Magbabala sa Israel at sa lahat ng mga bansa sa paghuhukom Ng Dios.

3. Israel

4. Makapangyarihan Ang Dios na magligtas.

5. Ang Panginoon mong Dios ay nasa gitna mo, na makapangyarihan na magliligtas; Siya'y magagalak dahil sa iyo na may kagalakan; Siya'y magpapahinga sa kaniyang pag-ibig; Siya'y magagalak sa iyo na may pagawit. (Zefanias 3:17)

### **IKA- TATLUMPU'T WALONG KABANATA:**

1. Hagai

2. Magbigay ng inspirasyon sa mga Israel sa bagong kasigasigan para Sa Dios at ipagbigay alam sa mga pinuno na kanilang responsabilidad na muling itatag ang templo ng pananambahan.

3. Israel

4. Ang pagtatayo ng Kaharian Ng Dios ang dapat atupagin ng mga tunay na mananampalataya.
5. Ngayon nga'y ganito ang sabi Ng Panginoon ng mga hukbo, Gunitain ninyo ang iyong mga lakad. (Hagai 1:5)

**IKA-TATLUMPU'T SIYAM NA KABANATA:**

1. Zacarias
2. Para bigyan ng inspirasyon ang Israel na tapusin ang templo.
3. Israel
4. Namamahala Ang Dios sa mga gawain ng tao at mga bansa.
5. Sa araw na yaon ay mabubuksan ang isang bukal sa sangbahayan ni David at sa mga mananahan sa Jerusalem, sa kasalanan, at sa karumihan. (Zacarias 13:1)

**IKA-APATNAPUNG KABANATA:**

1. Malakias
2. Upang tawagin ang bansa na magsisi at bumalik sa katuwiran.
3. Israel
4. Ang panunumbalik ay resulta ng pagsisisi at pagbalik.

Parehong kinakailangan ang ugali at gawa para sa kapatawaran

5. Kung hindi ninyo didinggin, at kung hindi ninyo ilalagak sa inyong puso upang bigyang kaluwalhatian ang Aking pangalan, sabi Ng Panginoon ng mga hukbo, magpapasapit nga Ako ng sumpa sa inyo, at Aking susumpain ang inyong kapalaran; oo akin na silang sinumpa, sapagka't hindi ninyo inilagak sa inyong puso. (Malakias 2:2)